MGA PILING HADITH

Kasama ang paglalahad sa kasaysayan ng bawa't Taga-ulat nito,

gayundin ang mga benepisyong pang-agham nito sa pitumpung Hadith.

ANG IKATLONG BAHAGI

May-akda:

Dr. Mohammad Murtaza ibn Aish Mohammad

Isinalin sa wikang Filipino (Tagalog) ni:

Mohammad Taha Ali

Inihanda ng:

Tanggapang Kooperatiba sa Panawagan at Pamamatnubay

sa Rabwah sa lungsod ng Riyadh

KAHARIAN NG SAUDI ARABIA

Unang Pagkalimbag, taong 1435 H. – 2014 G.

مختارات من السنة

الجزء الثالث

تأليف

الدكتور/ محمد مرتضى بن عائش محمد

ترجمة:

محمد طه علي

بسم الله الرحمن الرحيم

Sa Ngalan ng Allah, ang Maawain, ang Mahabagin

PANIMULA

Ang lahat ng pagpupuri ay sa Allah {Na nagsugo sa Kanyang Sugo (Muhammad) ng may Patnubay at Tunay na Relihiyon (ang Islam), upang gawin Niya itong mangibabaw sa lahat ng pananampalataya (relihiyon)}. Surah Al-Fath (48): Ayah: 28, Nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay maitampok sa pinakasagka sa mga Propeta na si Muhammad, gayundin sa kanyang pamilya, kasamahan at mga tagasunod hanggang sa araw ng Paghuhukom.

Katotohanang ang Islam ang siyang relihiyon ng kaligayahan sa mundo at sa Huling Araw; kaya ipinapaliwanag nito sa sangkatauhan ang landas ng kaligayahan para sa pang-indibidwal, pangpamilya, panlipunan at pangrelihiyon na kabuhayan, samakatuwid hindi kinikilala nito ang kawalan ng

katarungan, awayan at pagkapoot sa lahat ng mga lipunang pantao, at tunay na ang mga nasasaksihan na kasamaan ng mga tao na siyang nananaig sa mundo sa kasalukuyang panahon ay bunsod ng paglayo sa tunay na diwa ng Islam.

Kaya dahil dito kami ay nag-aanyaya tungo sa tunay na pagtangan sa dakilang relihiyon na ito na siyang dala ng marangal na Sugo na si Muhammad ibn Abdullah (ﷺ) ; kaya nais kong ilahad sa harapan ninyo ang isang lupon ng mga piling Hadith ng Sugo (ﷺ) para sundin siya nang may kasamang pagmamahal, at dakilain nang buong katotohanan at katapatan.

Dapat sa isang marangal na mambabasa ay malaman kung ano ang pinatutukuyan natin sa Sunnah? Kaya sasabihin natin: Ang Sunnah ay ang Hadith, at ang Hadith ay ang mga salawikain, gawain at kalagayan ng Propeta (Sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan).

O sasabihin natin: Ang Sunnah ay ang Hadith, at ang Hadith ay ang mga iniaanib sa Propeta (ﷺ) na salawikain o gawain, pagpapatibay o katangian.

Tunay na nakinabang tayo sa pamamagitan ng pagbanggit sa mga benepisyong pang-agham ng mga Hadith sa mga pantas ng Islam tulad ng mga pantas na sila Yahya ibn Sharaf An-Nawawi, at Al-Hafid ibn Hajar Al-Asqalani, at iba pang mga pantas bukod sa kanila na naglingkod sa Islam, gantimpalaan nawa sila ng Allah ng mabuti, kalakip ang ibayong pagsisikap sa gabay ng Allah upang makabuo ng maraming isyu sa Da`wah (Pag-aanyaya), mga pang-agham at praktical na mga isyu mula sa mga piling Hadith. Sa Allah ang lahat ng pagpupuri at pasasalamat.

Tungkol naman sa paghatol sa Hadith; kung ito ay mula sa aklat ni Al-Bukhari o aklat ni Muslim; samakatuwid, hindi na kailangang banggitin ang hatol dito; dahilan sa masidhing pagtanggap ng sambayang muslim sa mga aklat na ito (ni Al-Bukhari at Muslim), samantalang ang hatol sa Hadith na kuha mula kay Abu Daud, At-Tirmidhi, An-Nisaa-i, at Ibnu Majah; ito ay naiisaalang-alang sa mga paghahatol ng Pantas na

si Mohammad Nassiruddin Al-Albani, kasama ang pagbanggit sa salita ni Imam At-Tirmidhi tungkol sa kahatulan ng kanyang mga Hadith; sapagka't siya ay naiiba sa larangan na ito, sumakanilang lahat nawa ang habag ng Allah.

At tungkol naman sa mga pamagat ng Hadith na tinipon natin at pinili sa aklat na ito; ang mga ito ay tumutukoy at nakaugnay sa pananalig, batas at pag-uugali, at ito rin ay ibinahagi sa limang antas na naka-iskedyul sa ikatlong paligsahan sa Hadith para sa mga dayuhan sa taong 1435 H. ayon sa partikular na mga patakaran ng seksyon.

Nananalangin ako sa Allah, ang Tigib ng Kaluwalhatian at Kataas-taasan, na tanggapin nawa Niya ang aklat na ito nang magandang pagtanggap, at gawin Niyang maging kapaki-pakinabang at puno ng biyaya; katotohanang Siya ang Nakaririnig, ang Tumutugon (ng panalangin).

Muli, aking inihahandog ang taus-puso kong pagpapasalamat at pagpapahalaga sa kagalang-galang na Shaikh na si Khalid ibn Ali Abal-khayl – ang direktor

ng Tanggapang Kooperatiba sa Panawagan at Pamamatnubay sa Rabwah sa lungsod ng Riyadh – sa kanyang magagandang opinyon, na naghimok sa amin upang magsumikap sa lahat ng mapapakinabangan sa pag-aanyaya sa Allah nang buong katapatan, kaayusan at kawastuhan.

Gayundin naman na aking inihahandog sa kagalang-galang na Shaikh na si Nasser ibn Mohammad Al-Huwaysh – direktor ng seksyon ng Tanggapang Kooperatiba sa Panawagan at Pamamatnubay sa Rabwah – ang taus sa puso kong pagpapasalamat at pagkilala ng utang na loob sa kanyang dakilang pagsisikap upang maitaguyod ang paligsahan na ito sa ilalim ng pamamahala ng seksyon sa Tanggapang Kooperatiba sa Panawagan at Pamamatnubay sa Rabwah sa lungsod ng Riyadh sa Kaharian ng Saudi Arabia.

Ako rin ay nagpapasalamat sa lahat ng nag-abot sa akin ng kabutihan sa pamamagitan ng kanilang opinyon, pagsisikap at kapaki-pakinabang na payo, lalung-lalo na sa mga kapatid kong Da`iyah sa aming seksyon, at sa kapatid na si Abdul Aziz Madh-`uf ;

igawad nawa sa kanila ng Allah ang gantimpala sa mundo at kabilang buhay dahil sa Islam at mga Muslim, at itampok nawa ng Allah ang pagpapala at kapayapaan sa Propeta nating si Muhammad, gayundin sa kanyang mga pamilya, mga kasamahan at mga tagasunod, ang lahat ng pagpupuri at pasasalamat ay sa Allah, ang Panginoon ng lahat ng nilalang.

Ang May-akda

Dr. Mohammad Murtaza ibn Aish Mohammad

03/02/1435

بسم الله الرحمن الرحيم

١- عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عَمْرٍو رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمَا قَالَ: قَالَ رَسُوْلُ اللّٰهِ ﷺ: "اُعْبُدُوا الرَّحْمَنَ، وَأَطْعِمُوا الطَّعَامَ، وَأَفْشُوا السَّلاَمَ؛ تَدْخُلُوا الْجَنَّةَ بِسَلاَمٍ".

(جامع الترمذي، رقم الحديث ١٨٥٥، قَالَ الإمام الترمذي عن هذا الحديث: بأنه حسن صحيح، وقَالَ العلامة محمد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث أيضاً: بأنه صحيح).

1- Si Abdullah ibn `Am'r (Sumakanila nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Sambahin ninyo ang Mahabaging

(Allah), magpalabi kayo ng pagkain at ipalaganap ninyo ang pagbati ng Salam (Kapayapaan); sa gayon kayo ay makapapapasok sa Paraiso nang mapayapa). At-Tirmidhi: Hadith bilang (1855).

Ang Taga-ulat ng Hadith na ito:

Siya si Abdullah ibn `Amr ibn Al-`As Al-Qurashi Al-Sahami, isang dakila at kilalang Sahabi (Kasamahan ng Propeta), siya ay yumakap sa Islam bago ang kanyang ama na si `Amr ibn Al-`As, at siya ay nakapag-ulat ng (700) na Hadith sa mga talaan ng Hadith, at siya ay nakibaka sa pakikipaglaban sa ilang digmaan kasama ang Sugo ng Allah (ﷺ), mayroon din siyang katanyagan sa pagsasa-ayos ng mga kalagayan at pangangasiwa ng mga negosyo, kaya't itinalaga siya ni Mu`awiyah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) sa Kufa bilang tagapamahala rito sa nabibilang na panahon.

Siya ay lagi nang nagsasalaysay tungkol sa Sugo ng Allah (ﷺ) at nagbibigay ng personal na opinyon sa paghatol sa Jami` Al-Fustat (Tinatawag na Masjid `Amr ibn Al-`As) sa Ehipto, kaya't maraming tao ang

nakakuha nito sa kanya mula sa mga taga-Ehipto, taga-Sham (Sirya, Palestine, Jordan, Lebanon) at mga taga-Hijaz (taga-gitnang silangan), siya (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay binawian ng buhay sa Ehipto noong ika-65 na taon sa Hijri. at inilibing sa loob ng kanyang tahanan, at may nagsasabi na siya ay namatay sa Sirya, datapuwa't mayroon ding nagsasabi na sa Makkah.

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Ang daan tungo sa Paraiso: ay ang pagsamba sa Allah lamang nang walang pagtatambal sa Kanya, at ang pagiging mabuti sa mga tao.

2- Hinihimok ng Hadith na ito ang pagbukod tangi sa Allah sa pagsamba, ang pagtulong at pagbibigay sa mga nangangailangan.

3- Ang pagpalaganap sa pagbati ng Salam (kapayapaan) ay isa mga dahilan upang mapalalim ang magiliw na ugnayang panlipunan sa pagitan ng mga miyembro ng islamikong komunidad.

٢- عَنْ أَبِيْ هُرَيْرَةَ عَنِ النَّبِيِّ ﷺ أَنَّهُ كَانَ يَقُولُ: إِذَا أَوَى إِلَى فِرَاشِهِ: "اَللّٰهُمَّ رَبَّ السَّمَوَاتِ وَرَبَّ الْأَرْضِ وَرَبَّ كُلِّ شَيْءٍ، فَالِقَ الْحَبِّ وَالنَّوَى، مُنْزِلَ التَّوْرَاةِ وَالإِنْجِيلِ وَالْقُرْآنِ الْعَظِيمِ، أَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّ كُلِّ دَابَّةٍ أَنْتَ آخِذٌ بِنَاصِيَتِهَا، أَنْتَ الْأَوَّلُ فَلَيْسَ قَبْلَكَ شَيْءٌ، وَأَنْتَ الْآخِرُ فَلَيْسَ بَعْدَكَ شَيْءٌ، وَأَنْتَ الظَّاهِرُ فَلَيْسَ فَوْقَكَ شَيْءٌ، وَأَنْتَ الْبَاطِنُ فَلَيْسَ دُونَكَ شَيْءٌ، إِقْضِ عَنِّي الدَّيْنَ وَأَغْنِنِي مِنَ الْفَقْرِ".

(سنن ابن ماجه، رقم الحديث ٣٨٧٣ ، وصحيح مسلم، رقم الحديث ٦١- (٢٧١٣)، واللفظ لابن ماجه، قال العلامة محمد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث بأنه: صحيح).

2- Si Abu Hurairah ay nag-ulat, tungkol sa Propeta (ﷺ) na nagsasabi: kapag siya ay nagtungo sa kanyang higaan: "*Allaahumma rabbas samaa-waati wa rabbal ardhi wa rabb kulli shay-in, faaliqal habbi wan-nawaa, munzilat tawraatu wal injeeli wal qur'aanil `adheem, `audhu bika min sharri kulli daabbatin anta aakhidhun binaa-siyatiha, antal awwalu falaysa qablaka shay-un, wa anta al-aakhiru falaysa ba`daka shay-un, wa anta adh-dhaahiru falaysa fawqaka shay-un, wa anta al-baatinu falaysa doonaka shay-un, iqdhi `anni addayna wa aghninee minal faqri* (O Allah! Ang Panginoon ng mga kalangitan, ang Panginoon ng kalupaan at ang Panginoon ng lahat ng bagay, ang nagpapangyari na mabiyak at mag-usbong ang butil at buto ng bungangkahoy, ang nagbaba ng Tora (Torah), at ng Ebanghelyo (Gospel), at ng Dakilang Qur'an, ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa kasamaan

ng lahat ng nilikha na gumagalaw na Iyong sinasakmal ang noo nito, Ikaw ang Una, kaya walang anumang bagay na una pa sa Iyo, at Ikaw ang Huli, kaya walang anumang bagay na susunod sa Iyo, at Ikaw ang Lantad, kaya walang anumang bagay ang nasa Iyong ibabaw, at Ikaw ang Lingid, kaya walang anumang bagay na mas malapit kaysa sa Iyo, ako'y pagkalooban ng pambayad ng utang, at bigyan ng kasaganaan laban sa kahirapan)". Ibnu Majah: Hadith bilang (3873).

Ang Taga-ulat ng Hadith na ito:

Siya si Abu Hurairah, Abdul Rahman ibn Sakh'r Ad-Dusi Al-Yamani na tinaguriang tagapagsalaysay ng Islam. Siya ay tinawag sa palayaw na Abu Hurairah (Ama ng paslit na pusa), sa dahilang siya ay mahilig maglaro ng pusa, at siya ay nagpapastol ng mga kambing para sa kanyang pamilya, siya ay yumakap sa Islam noong ikapitung taon sa Hijri (kalendaryong Arabik), sa

taong pagsakop sa Khaibar, pagkatapos ay namalagi siya sa Propeta (ﷺ) ng apat na taon, siya ay kasa-kasama nito saan man naroroon, at nagsumikap sa pagsasaliksik ng Hadith at naging masigasig siya rito, kaya't marami siyang kaalaman na natutunan at naisaulo, hanggang sa siya ang naituring na may pinakamaraming naiulat na Hadith sa mga Sahabi (Kasamahan ng Propeta), na kung saan ay umabot ang kanyang naiulat ng (5374) na Hadith. Siya ay isa sa mga Pantas ng Madinah, namatay siya (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) sa Madinah taong ika-57 sa Hijri. at siya ay nailibing sa Baqi`.

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Isinasatungkulin ang paniniwala na ang Allah ang Siyang: Una, ang Huli, ang Lantad at ang Lingid. – Ang ibig sabihin ng Una, sa Hadith na ito ay ang Pinakauna na walang nasa unahan Niya, samakatuwid walang anumang bagay na nauna sa Kanyang Kaluwalhatian;

kaya't Siya nga ang Allah at walang bagay ang unang umiral bukod sa Kanya.

– At ang ibig sabihin ng Huli, sa Hadith na ito ay ang walang hanggan, na ang lahat ng bagay ay maglalaho, samantalang Siya ay mananatili; kaya walang anumang bagay ang nasa hulihan Niya.

– At ang ibig sabihin ng Lantad, sa Hadith na ito ay ang Nangingibabaw, ang Kataas-taasan sa lahat ng bagay; samakutuwid walang anumang bagay ang higit na nakatataas sa Kanya.

– At ang ibig sabihin ng Lingid, sa Hadith na ito ay walang sinumang makapangangasiwa maliban sa Allah, at walang sinumang makapagtatangi ng isang bagay maliban sa Allah, at walang sinuman ang makapagtatago sa Allah: Sapagka't Siya ang Nakaaalam ng lahat ng bagay.

2- Nararapat lamang na panatilihin ang mga Katangian ng Allah batay sa pagkasaad nito sa mga relihiyosong teksto, at hindi masamang ipaliwanag ang mga kahulugan nito sa iba't ibang wika bukod sa arabik sa layuning pagpapaintindi at paglilinaw.

3- Dapat na maisaulo ang panalangin na ito, at panatilihing basahin ito bago matulog.

4- Ipinahihiwatig ng Hadith na ito na ang Allah ang Panginoon ng lahat ng nilalang; samakatuwid ang Panginoon ng lahat ng nilikha ay ang Allah, Kaluwalhatian sa Kanya at Kataas-taasan.

٣- عَنْ أَبِيْ هُرَيْرَةَ ﵁ أَنَّ رَسُوْلَ اللّٰهِ ﷺ قَالَ: "أَقْرَبُ مَا يَكُوْنُ الْعَبْدُ مِن رَّبِّهِ وَهُوَ سَاجِدٌ؛ فَأَكْثِرُوا الدُّعَاءَ".

(صحيح مسلم، رقم الحديث ٢١٥ - (٤٨٢)،).

3- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Ang pinakamalapit na sandali ng isang alipin sa kanyang Panginoon ay ang sandali na siya ay nakapatirapa; kaya dalasan ninyo rito ang pananalangin". Muslim: Hadith bilang 215 – (482).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (2):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Hinihimok ng Hadith na ito na maging madalas ang panalangin sa pagpapatirapa.

2- Ang Salah (Pagdarasal) ay isa sa mga paraan ng pagpapalapit sa Allah; sapagka't ito ay naglalaman ng pagpapatirapa.

3- Dapat ay maging masigasig sa mga panalangin na nakasaad sa Qur'an at Sunnah.

٤- عَنْ أَبِيْ هُرَيْرَةَ ﷺ قَالَ: قَالَ رَسُوْلُ اللّٰهِ ﷺ: "مَنْ لاَ يَشْكُرِ النَّاسَ، لاَ يَشْكُرِ اللّٰهَ".

(جامع الترمذي، رقم الحديث ١٩٥٤، وسنن أبي داود، رقم الحديث ٤٨١١، واللفظ للترمذي، قَالَ الإمام الترمذي عن هذا الحديث: بأنه حسن صحيح،

وقال العلامة محمد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث أيضاً: بأنه صحيح).

4- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ): "Ang sinumang hindi nagpapasalamat sa mga tao, hindi rin nagpapasalamat sa Allah". At-Tirmidhi: Hading bilang (1954).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (2):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Hinihimok ng Hadith na ito ang pagpapasalamat sa mga tao sa kanilang kabutihan.

2- Minamaliit ng Hadith na ito ang sinumang hindi nagpapasalamat sa mga tao sa kanilang kabutihan.

3- Hindi tinatanggap ng Allah ang pasasalamat ng isang tao sa Kanyang kabutihan, kapag tinalikuran

niya ang pagpapasalamat sa mga tao sa nagawa nilang kabutihan sa kanya.

4- Kabilang sa mga paraan ng pagpapasalamat sa mga tao sa kanilang kabutihan ay ang maghandog ng wagas na panalangin para sa kanila, ang purihin sila, ang mangusap sa kanila nang mahinahon at pakitunguhan sila nang maayos.

٥- عَــنْ أَبــيْ سَــعِيْدٍ اَلْخُــدْرِيِّ ﷺ أَنَّ رَسُــوْلَ اللّٰهِ ﷺ قَــالَ: "مَــنْ قَــالَ: رَضِــيْتُ بِــاللّٰهِ رَبًّــا وَبِالإِسْــلاَمِ دِيْنًا وَبِمُحَمَّدٍ رَسُوْلاً، وَجَبَتْ لَهُ الْجَنَّةُ.

(سنن أبي داود، رقم الحديث ١٥٢٩، قَالَ العلامة محمد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث: بأنه صحيح).

5- Si Abu Said Al-Khudri (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Sinuman ang nagsabi ng: *Radheetu billaahi rabban wa bil islaami deenan wa bi muhammadin*

rasoolan (Kinalulugdan ko ang Allah bilang Panginoon at ang Islam bilang Relihiyon at si Muhammad bilang Sugo), sa kanya ay maging karapat-dapat ang Paraiso". Abu Daud: Hadith bilang (1529).

Ang Taga-ulat ng Hadith na ito:

Siya si Abu Said Al-Khudri (Palayaw niya), na si Sa`d ibn Malik ibn Sanan Al-Ansari Al-Khazraji, isa sa mga tanyag na Sahabi (Kasamahan ng Propeta) at mga pantas nila, ang una niyang nasalihan na labanan ay ang digmaan sa Al-Khandaq, nakasama niya ang Sugo ng Allah sa (12) labanan, at siya ay nakapag-ulat mula sa Sugo ng Allah (ﷺ) sa mga talaan ng Hadith ng (1170) na Hadith.

Si Abu Said Al-Khudri (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay namatay sa taong 74 sa Hijri.

sa edad niyang (86) na taon, datapuwa't may nagsasabi na hindi ganito. Siya ay nailibing sa Baqi`.

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Hinihimok ng Hadith na ito ang pagpapatuloy sa pagsabi ng: *Radheetu billaahi rabban wa bil islaami deenan wa bi muhammadin rasoolan* (Kinalulugdan ko ang Allah bilang Panginoon at ang Islam bilang Relihiyon at si Muhammad bilang Sugo).

2- Dapat sa sinumang nais makamit ang kaligayahan, na malugod sa Allah bilang Panginoon at sa Islam bilang Relihiyon at kay Muhammad bilang Sugo.

3- Ipinapahiwatig ng Hadith na ito ang kadakilaan ng paggunitang ito: Sapagka't sumasaklaw ito sa pagpapatunay sa Kaisahan ng Allah at sa pagtitiwala sa Kanya, pagiging masunurin sa mga katuruan ng Kanyang relihiyong Islam at pagtanggap sa pagsunod sa Sugong si Muhammad (ﷺ).

٦- عَنْ أَنَسِ بْنِ مَالِكٍ ﵁ قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: "إِنَّ اللَّهَ لَيَرْضَى عَنِ الْعَبْدِ أَنْ يَأْكُلَ الْأَكْلَةَ؛ فَيَحْمَدَهُ عَلَيْهَا، أَوْ يَشْرَبَ الشَّرْبَةَ؛ فَيَحْمَدَهُ عَلَيْهَا".

(صحيح مسلم، رقم الحديث ٨٩- (٢٧٣٤)،).

6- Si Anas ibn Malik (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ): "Katotohanang nalulugod ang Allah sa isang alipin na kapag kumakain ng isang pagkain ay pinupuri Siya dito, o umiinom ng isang inumin ay pinupuri Siya dito". Muslim: Hadith bilang 89 –(2734).

Ang Taga-ulat ng Hadith na ito:

Siya si Abu Hamzah, Anas ibn Malik Al-Ansari, tagapaglingkod ng Sugo ng Allah (ﷺ), ipinanganak siya sa Madinah bago ang paglikas mula sa Makkah nang sampung taon, siya ay yumakap sa Islam sa murang edad niya, at nanatili sa piling ng Propeta (ﷺ), siya ay nanilbihan sa kanya ng sampung taon at namalagi sa kanya hanggang sa mamatay ang Propeta (Sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan), at pagkatapos ay naglakbay siya patungong Damascus at mula dito ay nagtungo naman sa Basra. Siya ay nakapag-ulat ng maraming Hadith at umabot ang

kanyang ulat ng (2286) na Hadith at siya (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay binawian ng buhay sa Basra taong ika-93 sa Hijri. Pagkapos na humigit ng (100) taong gulang ang kanyang edad.

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Dapat sa isang Muslim ay kumilala sa biyaya ng pagkain at inumin; at purihin niya ang Allah dito; sapagka't Siya ang nagkaloob na maging madali para sa kanya ang pagkaing ito at inumin.

2- Dapat sa sinumang nais makamit ang kaluguran ng Allah na siya ay tumanaw ng utang-na-loob sa Allah sa Kanyang mga biyaya.

3- Pagkatapos ng pagkain o pag-inom, dapat sa isang Muslim na basahin ang panalangin na ito: "*Alhamdu lillaahi katheeran tayyiban mubaarakan feehi, gayra mak-fiyyin wa la muwadda`in wa la mustagnan `anhu, rabbanaa* (Ang lahat ng pagpupuri ay para sa Allah, taglay Niya ang mga magaganda at maraming pagpupuri at pagpapala. Hindi ito mababayaran, o di-kaya ay maiwanan, o di kaya ay maaaring gawin na

wala ang Panginoon namin)". Al-Bukhari, Hadith bilang (5458).

O ang panalangin na ito: "*Alhamdu lillaahil ladhee at`ama wa saqaa, wa sawwagahu, wa ja`ala lahu makhrajan* (Ang lahat ng pagpupuri ay para sa Allah, na Siyang nagpapakain at nagbibigay ng inumin, ang gumawa upang madaling lunukin ito at ang gumawa ng kalalabasan nito)". Sunan Abu Daud, Hadith bilang (3851).

٧- عَنْ أَبِيْ هُرَيْرَةَ ﷺ قَالَ: قَالَ رَسُوْلُ اللّٰهِ ﷺ: "لاَ تَحْلِفُوْا بِآبَائِكُمْ وَلاَ بِأُمَّهَاتِكُمْ وَلاَ بِالْأَنْدَادِ، وَلاَ تَحلِفُوْا إلاَّ بِاللّٰهِ، وَلاَ تَحلِفُوْا بِاللّٰهِ إلاَّ وَأَنْتُمْ صَادِقُوْنَ".

(سنن أبي داود، رقم الحديث ٣٢٤٨، وسنن النسائي، رقم الحديث ٣٧٦٩، واللفظ لأبي داود، قَالَ العلامة محمد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث: بأنه صحيح).

7- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay

nagsabi: Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ): "Huwag kayong manumpa sa inyong mga tatay at sa inyong mga nanay at sa mga diyus-diyosan, samakatuwid huwag kayong manumpa maliban pa sa Allah, at huwag kayong sumusumpa sa Allah malibang kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan". Abu Daud: Hadith bilang (3248).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (2):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Hinihimok ng Hadith na ito ang pagpapanatili ng wagas na doktrina ng Tawheed (Kaisahan ng Allah) laban sa mga karumihan o bahid ng Shirk (Pagtatambal sa Kaisahan ng Allah).

2- Napapaloob sa Hadith na ito ang isang babala laban sa panunumpa bukod sa Allah at gayundin sa hindi makatotohanang panunumpa.

3- Dapat sa isang tao ay maging tapat sa Allah sa lahat ng kanyang mga kalagayan at kilos.

٨- عَـنْ أَنَـسِ بْـنِ مَالِـكٍ ﷺ قَـالَ: قَـالَ رَسُـوْلُ اللّٰهِ ﷺ: "اَلدُّعَاءُ لاَ يُرَدُّ بَيْنَ الْأَذَانِ وَالْإِقَامَةِ".

(جامع الترمذي، رقم الحديث ٢١٢، سنن أبي داود، رقم الحديث ٥٢١، واللفظ للترمذي، قال الإمام الترمذي عن هذا الحديث: بأنه حسن صحيح، وقال العلامة محمد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث أيضاً: بأنه صحيح).

8- Si Anas ibn Malik (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ): "Ang Du`a (Panalangin) sa pagitan ng Adhan (Panawagan sa pagdarasal) at Iqamah (Pagsimula ng pagdarasal) ay hindi natatanggihan". At-Tirmidhi: Hadith bilang (212).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (6):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Hinihimok ng Hadith na ito ang pag-Du`a (Panalangin) sa oras na ito: sa pagitan ng Adhan at Iqamah.

2- Dapat na maging masigasig sa pag-Du`a (Panalangin) sa oras na ito.

3- Ang pag-Du`a (Panalangin) sa oras na ito ay katanggap-tanggap, kung ito ay naaayon sa mga kaparaanan, mga alituntunin at mga kahilingan nito.

٩- عَـنْ أَبِـيْ هُرَيْـرَةَ ﷺ، قَـالَ: قَـالَ رَسُـوْلُ اللّٰهِ ﷺ: "إِنَّ اللّٰهَ يَغَـارُ، وَإِنَّ الْمُـؤْمِنَ يَغَـارُ، وَغَيْـرَةُ اللّٰهِ أَنْ يَأْتِيَ الْمُؤْمِنُ مَا حَرَّمَ عَلَيْهِ".

(صحيح مسلم، رقم الحديث ٣٦- (٢٧٦١)، وصحيح البخاري، رقم الحديث ٥٢٢٣، واللفظ لمسلم).

9- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ): "Katotohanang ang Allah ay naninibugho, gayundin naman na ang isang sumasampalataya ay naninibugho, datapuwa't ang paninibugho ng Allah ay ang paggawa ng isang sumasampalataya sa anumang ipinagbabawal sa kanya". Muslim: Hadith bilang 36 – (2761).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (2):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Ang paninibugho ay isa sa mga aktwal na Katangian ng Allah; at ito'y napatunayan sa Allah ayon sa naaangkop sa Kanyang Kapita-pitagan; kaya hindi nagugustuhan ng Allah ang kawalan ng pananampalataya, Shirk (Pagtatambal) Fusuq (Pagkasala) at `Isyan (Pagsuway).

2- Ang ibig sabihin ng paninibugho sa panig ng Allah ay ang masidhing pagkayamot na may kasamang matinding poot dahilan sa paglabag sa Kanyang mga ipinagbabawal.

3- Ang ibig sabihin naman ng paninibugho sa panig ng tao ay ang pagsiklab ng galit dahilan sa pakikihati ng ibang tao sa mga bagay na natatangi lamang sa kanya.

4- Katotohanang ang Allah ay naninibugho, gayundin naman ang isang sumasampalataya ay naninibugho, subali't ang paninibugho ng tao ay hindi katulad ng paninibugho ng Allah, sapagka't ang paninibugho ng Allah ay napakatindi at napakasidhi.

١٠- عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ ﷺ قَالَ: سُئِلَ رَسُوْلُ اللّٰهِ ﷺ عَنْ أَكْثَرِ مَا يُدْخِلُ النَاسَ الْجَنَّةَ؛ فَقَالَ: "تَقْوَى اللّٰهِ، وَحُسْنُ الْخُلُقِ"، وَسُئِلَ عَنْ أَكْثَرِ مَا يُدْخِلُ النَاسَ اَلنَّارَ؛ فَقَالَ: "الْفَمُ، وَالْفَرْجُ".

(جامع الترمذي، رقم الحديث ٢٠٠٤ ، وسنن ابن ماجه، رقم الحديث ٤٢٤٦ ، واللفظ للترمذي، قَالَ الإمام الترمذي: عن هذا الحديث بأنه: صحيح غريب، وقَالَ العلامة محمد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث: بأنه حسن).

10- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: "Tinanong ang Sugo ng Allah (ﷺ) tungkol sa kung ano ang pinakamaraming nagpapapapasok sa mga tao sa Paraiso; kanyang sinabi: "Ang pagkatakot sa Allah at ang mabuting asal", at siya ay tinanong ulit tungkol sa kung ano ang pinakamaraming nagpapapapasok sa mga tao sa Apoy; at kanyang sinabi: "Ang bibig at ang maselang bahagi ng tao". At-Tirmidhi: Hadith bilang (2004).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (2):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Ang pagkatakot sa Allah at ang mabuting asal, ang siyang batayan sa kaligayahan sa mundong ito at sa kabilang buhay; sapagka't ang pagkatakot sa Allah ang siyang mahusay na pakikitungo sa Tagapaglikha, at ang mabuting asal ang siyang mahusay na pakikitungo sa nilalang.

2- Ang Paraiso ang siyang tahanan ng karangyaan sa Kabilang Buhay para sa mga Muslim na lalaki at babae.

3- Ang pagsunod sa pithaya at hilig ng bibig o ng masilang bahagi ng katawan nang walang liwanag ng Islam ang siyang pangunahing saligan ng kapilyuhan o kasamaan sa mundo at sa huling araw.

4- Dapat sa isang Muslim ay pangalagaan ang bibig at ang masilang bahagi ng katawan mula sa mga ipinagbabawal.

١١- عَنْ أَنَسٍ ﵁ قَالَ: قَالَ رَسُوْلُ اللّٰهِ ﷺ: "مِنْ أَشْرَاطِ السَّاعَةِ: أَنْ يُرْفَعَ الْعِلْمُ، وَيَثْبُتَ الْجَهْلُ، وَيُشْرَبَ الْخَمْرُ، وَيَظْهَرَ الزِّنَى".

(صـــحيح البخـــاري، رقـــم الحـــديث ٨٠، وصـــحيح مســـلم، رقـــم الحديث ٨ - (٢٦٧١)، واللفظ للبخاري).

11- Si Anas (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ): "Kabilang sa mga palatandaan ng Oras (ng paggunaw sa mundo): ay ang pagkawala ng kaalaman, at ang pagpapanatili ng kamangmangan, at ang pag-inom ng alak at ang pagpapakita ng pangangalunya". Al-Bukhari: Hadith bilang (80).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (6):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Hinihimok ng Islam ang pagpapalaganap sa Islamikong Kaalaman, at ang pag-aalis sa kamangmangan at sa mga kadahilanan nito: dahil ang Islam ay hindi mananatili nang hindi pinalalaganap ang mga katuruan nito at ang pag-aanyaya rito.

2- Ang ilan sa mga kadahilanan ng pagkawasak ng mundo at pagkawala nito: ay ang pagkalaganap ng malaking katiwalian sa mga kalagayang pangrelihiyon, panglipunan at moralidad.

3- Dapat na dakilain ang pang-islamikong agham at ang mga nagtataguyod nito; na kung saan ang kaligtasan ng mundo ng may katiwasayan ay nakasalalay sa pagkapanatili ng pang-islamikong agham at ng mga nagtataguyod nito.

١٢- عَنْ عُقْبَةَ بْنِ عَامِرٍ ﷺ أَنَّ رَسُوْلَ اللّٰهِ ﷺ قَالَ: "إِيَّاكُمْ وَالدُّخُوْلَ عَلَى النِّسَاءِ؛ فَقَالَ رَجُلٌ مِنَ الْأَنْصَارِ: يَا رَسُوْلَ اللّٰهِ! أَفَرَأَيْتَ الْحَمْوَ؟ قَالَ: "اَلْحَمْوُ: اَلْمَوْتُ".

(صحيح البخاري، رقم الحديث ٥٢٣٢، وأيضاً: صحيح مسلم، رقم الحديث ٢٠- (٢١٧٢)،).

12- Si `Uqbah ibn `Amir (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Maging maingat sa pagpasok sa mga kababaihan; ang isang lalaki mula sa angkan ng Ansar ay nagsabi: O Sugo ng Allah! Ipabatid mo po ang tungkol sa Hamu (Ang mga lalaking kamag-anak ng asawang lalaki maliban sa kanyang mga magulang na lalaki at anak na lalaki)? Siya ay nagsabi: "Ang Hamu: ay ang kamatayan". Al-Bukhari: Hadith bilang (5232).

Ang Taga-ulat ng Hadith na ito:

Siya si `Uqbah ibn `Amir ibn `Abas Al-Juhani, isang dakilang Sahabi (Kasamahan ng Propeta), siya ay isang mambabasa, dalubhasa sa batas, maalam sa paghati-hati ng mana, isang makata, magaling magsalita at isa sa mga kinabibilangang pinuno sa mga pananakop ng Islam.

Si `Uqbah ay isa sa mga tao na may pinakamagandang boses sa Qur'an; kaya masinsinang nakikinig ang puso ng mga marangal na Sahabi sa

kanyang pagbabasa, sumakanila nawa ang kaluguran ng Allah, at nakakadama ng kapakumbabaan ang kanilang mga puso sa kanya, at nag-uumapaw ng luha ang kanilang mga mata sa pagpapakumbaba sa Allah, at siya ay lumahok sa digmaan ng Uhud kasama ng Sugo ng Allah (ﷺ) at sa iba pang mga digmaan pagkalipas nito, siya ay isa sa mga namuno sa mga sandatahang hukbo ng mga muslim na sumakop sa Ehipto; kaya siya ay pinarangalan at ginantimpalaan ng Pinuno ng mga Muslim na si Mu`awiyah ibn Abu Sufyan; at siya ay kanyang itinalaga rito bilang isang Wali (Tagapag-alaga) sa loob ng tatlong taon. At pagkaraan ay pinadala siya sa isla ng Rhodes upang salakayin ito sa Mediteraneo.

Umabot ang kanyang naiulat ng (55) na Hadith, at siya ay binawian ng buhay (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) taong ika-58 sa Hijri, at siya ay nailibing sa Kayro (Cairo).

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Ipinagbabawal ng Islam ang makipagsarilinan sa dayuhang babae (di-kamag-anak), datapuwa't ipinahihintulot ito sa kanyang Mahram (Ang lahat ng lalaking ipinagbabawal magpakasal sa kanya nang habang buhay ayon sa mga alituntunin ng Islam).

2- Hinihimok ng Islam ang pagkakonserbatibo ng kadalisayan ng pamilya; upang madaig ito ng kagandahan ng asal, katiwasayan at kaligayahan, at hindi masira ito ng kasamaan ng ipinagbabawal na relasyon na pinagmumulan ng mga karamdaman, hindi pagkakasundo, patayan at kapahamakan.

3- Ang ibig sabihin ng Hamu ay ang mga kamag-anak ng asawang lalaki maliban sa kanyang mga magulang na lalaki at anak na lalaki, tulad ng kapatid na lalaki o ng anak na lalaki ng kapatid o ng tiyuhin at ng kanyang anak na lalaki at ng mga katulad nila na hindi kabilang sa Mahram.

١٣- عَنْ أَنَسِ بْنِ مَالِكٍ ﷺ قَالَ: قَالَ رَسُوْلُ اللّٰهِ ﷺ: "مَنْ سَأَلَ اللَّهَ الْجَنَّةَ ثَلاَثَ مَرَّاتٍ، قَالَتِ الْجَنَّةُ: اَللَّهُمَّ أَدْخِلْهُ الْجَنَّةَ، وَمَنِ اسْتَجَارَ مِنَ النَّارِ ثَلاَثَ مَرَّاتٍ، قَالَتِ النَّارُ: اَللَّهُمَّ أَجِرْهُ مِنَ النَّارِ".

(سنن النسائي، رقم الحديث ٥٥٢١، وأيضا: سنن ابن ماجه، رقم الحديث ٤٣٤٠، وقَالَ العلامة محمد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث: بأنه صحيح).

13- Si Anas ibn Malik (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ): "Sinuman ang nanalangin sa Allah ng Paraiso nang tatlong beses, ang Paraiso ay magsasabi: O Allah! Papasukin Mo po siya sa Paraiso, at sinuman ang humingi ng pangangalaga laban sa Apoy ng Impiyerno

nang tatlong beses, ang Apoy ng Impiyerno ay magsasabi: O Allah! Pagkalooban Mo po siya ng pangangalaga laban sa Apoy". An-Nisa-i: Hadith bilang (5521).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (6):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Hinihimok ng Hadith na ito na dalasan ang panalangin sa Paraiso, at ang pagpapakupkop laban sa Impiyerno.

2- Dapat sa isang Muslim ay maniwala tungkol sa paniniwala sa Huling Araw, sa Paraiso at Impiyerno.

3- Isinasatungkulin ang pagpapatupad sa mga katuruan ng Islam maging lantad man o lingid upang makapasok sa Paraiso at makaligtas sa Impiyerno.

١٤- عَـنْ أَنَـسِ بْـنِ مَالِـكٍ ﷺ عَـنِ الـنَّبِيِّ ﷺ قَـالَ: "مَـا مِـنْ مُسْـلِمٍ غَـرَسَ غَرْسًـا؛ فَأَكَـلَ مِنْـهُ إِنْسَـانٌ أَوْ دَابَّةٌ، إِلاَّ كَانَ لَهُ صَدَقَةٌ".

(صحيح البخاري، رقم الحديث ٦٠١٢، وصحيح مسلم، رقم الحديث ١٢ - (١٥٥٣)، واللفظ للبخاري).

14- Si Anas ibn Malik (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat tungkol sa Propeta (ﷺ) na nagsasabi: "Walang isa mang Muslim na nagtanim ng isang halaman; pagkatapos ay kumain dito ang isang tao o hayop, kundi ito ay maituturing na isang kawanggawa para sa kanya". Al-Bukhari: Hadith bilang (6012).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (6):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Ipinapaliwanag ng Hadith na ito ang kabutihan ng pagtatanim at pag-aararo.

2- Hindi makakaya ng tao na mamuhay sa mundong ito maliban sa pamamagitan ng mga produkto ng agrikultura.

3- Dapat sa isang tao na magkaroon ng mahusay na pag-aalaga sa pag-aararo at pagtatanim, at huwag hayaan ang isang mayabong na lupa ng walang pagtatanim dito; sapagka't ito ang pinagkukunan ng kabuhayan sa mga prutas, mga butil, mga patani at mga damo.

١٥- عَنْ أَبِيْ مَسْعُوْدٍ اَلْبَدْرِيْ ﷺ، قَالَ: قَالَ رَسُوْلُ اللّٰهِ ﷺ: "لا تُجْزِئُ صَلاَةُ الرَّجُلِ، حَتَّى يُقِيْمَ ظَهْرَهُ فِي الرُّكُوْعِ وَالسُّجُوْدِ".

(سنن أبي داود، رقم الحديث ٨٥٥، وجامع الترمذي، رقم الحديث ٢٦٥، واللفظ لأبي داود، قَالَ الإمام الترمذي عن هذا الحديث بأنه: حسن صحيح، وقَالَ العلامة محمد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث أيضاً: بأنه صحيح).

15- Si Abu Mas`ud Al-Badri (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ): "Hindi matatanggap ang Salah (Pagdarasal) ng isang lalaki hangga't hindi naging matuwid ang kanyang likod sa pag-Ruku` (Pagyuko) at sa Sujud (Pagpapatirapa)". Abu Daud: Hadith bilang (855).

Ang Taga-ulat ng Hadith na ito:

Siya si Abu Mas`ud `Uqbah ibn `Am'r, Abu Mas`ud Al-Ansari, isang dakilang Sahabi (Kasamahan ng Propeta), kanyang nasaksihan ang pagpapangako ng katapatan sa ikalawang pagpupulong sa `Aqabah, at siya ang pinakabata sa kanila, at nakibaka rin siya sa digmaan sa Uhud at ng lahat ng digmaan pagkatapos nito kasama ang Sugo ng Allah (ﷺ), pagkaraan ay

nanahan siya sa Kufa at nagtayo siya rito ng isang tahanan, at siya ang pinahalili ni Ali bilang pinuno sa Kufa nang siya ay humayo patungo sa Siffin (Isa sa mga digmaan), at ang mga naiulat niya mula sa Propeta ay umabot ng (102) na Hadith, at siya ay binawian ng buhay sa Madinah noong taong ika-41 sa Hijri, datapuwa't may nagsasabi na hindi ganito.

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Dapat sa isang Muslim na pinahahalagahan ang kanyang pagdarasal sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa kataimtiman, pagkatuwid at pagkapanatag habang isinasagawa ito.

2- Dapat sa isang Muslim na malaman ang mga alituntunin ng Salah; upang ang kanyang Salah ay maging wasto.

3- Dapat sa isang Muslim ang magkaroon ng sobrang pag-aalaga sa Salah; at pagsikapan niyang maipatupad ito ayon sa itinuro sa kanyang ng Sugo ng Allah (ﷺ).

١٦- عَـنْ أَبِـيْ هُرَيْـرَةَ ﷺ عَـنِ الـنَّبِيِّ ﷺ قَـالَ: "إِنَّ اللّٰهَ تَجَاوَزَ عَـنْ أُمَّتِـيْ مَـا حَـدَّثَتْ بِـهِ أَنْفُسَـهَا، مَـا لَـمْ تَعْمَلْ أَوْ تَتَكَلَّمْ".

(صحيح البخاري، رقم الحديث ٥٢٦٩، وصحيح مسلم، رقم الحديث ٢٠١- (١٢٧)، واللفظ للبخاري).

16- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat tungkol sa Propeta (ﷺ) na nagsasabi: "Katotohanang pinawawalang-bisa ng Allah sa aking mga tagasunod ang anumang iniuudyok sa kanya ng sarili, hangga't hindi niya ito nagagawa at nasasabi". Al-Bukhari: Hadith bilang (5269).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (2):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Tunay ngang nagbigay ng kabutihan ang Allah sa Kanyang mga alipin na sumasampalataya, sapagka't pinatawad Niya sa kanila ang anumang sumasagi sa kanilang sarili na masamang mga saloobin nang walang paghahangad at walang naitakdang layunin sa paggawa nito.

2- Sinuman ang nagpasiya na gumawa ng kasalanan, at hinangad ito ng kanyang sarili at nagtakda ng layunin dito; tunay na siya ay nagkasala na, kahit pa man hindi niya nagawa ito.

3- Ang masasamang saloobin na sumasagi sa puso, nang may pagpapasiya, at layuning gawin ito, at pag-uudyok ng sarili; ito ay naibibilang na isang kasalanan, kahit pa man ito ay hindi napatunayang ginawa nang aktwal.

١٧- عَنْ أَبِيْ هُرَيْرَةَ ﷺ عَنِ النَّبِيِّ ﷺ قَالَ: "لا تُورِدُوا الْمُمْرِضَ على الْمُصِحِّ".

(صحيح البخاري، رقم الحديث ٥٧٧٤، وصحيح مسلم، رقم الحديث ١٠٥ - (٢٢٢١)، واللفظ للبخاري).

17- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat tungkol sa Propeta (ﷺ) na nagsasabi: "Huwag ninyong ihalubilo ang may karamdaman sa malusog". Al-Bukhari: Hadith bilang (5774).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (2):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Hinihimok ng Hadith na ito ang pagtatakda ng mga dahilan para sa proteksyon, kalusugan at kaligtasan mula sa iba't ibang karamdaman, sa pamamagitan ng paglayo sa mga lugar na may lumalaganap na sakit at na huwag makihalubilo sa mga taong mayroon nito, gayundin ang pag-iwas sa mga bagay na nakapipinsala sa tao.

2- Ang pagtatakda ng mga dahilan para sa proteksyon laban sa sikolohikal na sakit, pisikal na sakit at mga karamdaman ay naibibilang sa kabuuan ng pagtitiwala sa Allah.

3- Ang pakikihalubilo ng mga pasyente sa iba ay maaaring maging dahilan ng paglipat ng mga sakit; kaya nakabubuting huwag makihalubilo ang mga pasyente sa mga walang sakit.

١٨- عَـــنْ أَنَــسِ بْــنِ مَالِــكٍ ﷺ قَــالَ: قَــالَ رَسُــوْلُ اللّٰهِ ﷺ: "أَنَــا أَكْثَــرُ الْأَنْبِيَــاءِ تَبَعــاً يَــوْمَ الْقِيَامَــةِ، وَأَنَا أَوَّلُ مَنْ يَقْرَعُ بَابَ الْجَنَّةِ".

(صحيح مسلم، رقم الحديث ٣٣١- (١٩٦)،).

18- Si Anas ibn Malik (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ): "Ako ang may pinakamaraming mga tagasunod sa Araw ng Pagbabangon Muli, at ako ang pinakaunang kakatok ng pintuan ng Paraiso". Muslim: Hadith bilang 331- (196).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (6):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Ipinapahayag ng Hadith na ito ang kadakilaan ng Sugo ng Allah na si Muhammad (ﷺ), na kung saan siya ang pinili ng Allah sa mga Propeta na may napakaraming mga tagasunod sa Araw ng Pagbabangon Muli at ang pinakaunang kakatok ng pintuan ng Paraiso.

2- Isinasatungkulin sa bawa't tao na patotohanan at paniwalaan ang Sugo (ﷺ); sapagka't tunay na siya ay isinugo sa lahat ng tao, at sa lahat ng bahagi ng mundo.

3- Dapat sa isang Muslim na sundin ang Sugo (ﷺ), kung nais niyang makapasok sa Paraiso.

١٩- عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ ﷺ عَنِ النَّبِيِّ ﷺ قَالَ: " إِنَّ الرَّحِمَ شِجْنَةٌ مِنَ الرَّحْمَنِ؛ فَقَالَ اللَّهُ : مَنْ وَصَلَكِ وَصَلْتُهُ، وَمَنْ قَطَعَكِ قَطَعْتُهُ".

(صحيح البخاري، رقم الحديث ٥٩٨٨).

19- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat tungkol sa Propeta (ﷺ) na nagsasabi: "Katotohanan, ang pagkakamag-anak ay isa sa mga Tanda ng Mahabaging (Allah); kaya ang Allah ay nagsabi: Sinuman ang mag-uugnay sa iyo, makikipag-ugnayan Ako sa kanya, datapuwa't sinuman ang puputol sa iyo, puputulin Ko rin ang pakikipag-ugnayan sa kanya". Al-Bukhari: Hadith bilang (5988).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (2):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Ang pagpuputol ng ugnayan ay isang malaking kasalanan, pinaghihiwalay nito ang mga pagkaka-ugnay ng isa't isa at pinagwawatak nito ang pagkakaisa sa pagitan ng mga magkakamag-anak, at nagbubunsod ito ng poot at galit sa pagitan ng

kanilang miyembro, kaya nangangailangan ito ng dagliang kaparusahan.

2- Dapat sa isang Muslim na pagbuklurin ang pagkakamag-anak sa pamamagitan ng paghahatid ng mabuting bagay sa mga kamag-anak at pagtaboy ng masama sa kanila.

3- Hinihimok ng Hadith na ito ang pagpapatatag ng magiliw na ugnayan sa pagitan ng mga miyembro ng magkakamag-anak.

٢٠- عَنْ سَلْمَانَ بْنِ عَامِرٍ الضَّبِّيِّ ﷺ قَالَ: قَالَ رَسُوْلُ اللّٰهِ ﷺ: "اَلصَّدَقَةُ عَلَى الْمِسْكِيْنِ صَدَقَةٌ، وَعَلَى ذِي الْقَرَابَةِ إِثْنَتَانِ: صَدَقَةٌ وَصِلَةٌ".

(سنن ابن ماجه، رقم الحديث ١٨٤٤، قَالَ العلامة محمد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث: بأنه صحيح).

20- Si Salman ibn `Amir Al-Dhabbi (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: Sinabi ng Sugo

ng Allah (ﷺ): "Ang pagkakawanggawa sa isang mahirap ay isang kawanggawa, datapuwa't sa isang malapit na kamag-anak ay dalawa: Kawanggawa at pagkakamag-anak". Ibnu Majah: Hadith bilang (1844).

Ang Taga-ulat ng Hadith na ito:

Siya si Salman ibn `Amir Al-Dhabbi, isang Sahabi (Kasamahan ng Propeta), siya ay nakapag-ulat tungkol sa Propeta (ﷺ) ng labintatlo (13) na Hadith, nanirahan siya sa Basra, at dito na rin siya binawian ng buhay.

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Hinihimok ng Hadith na ito ang pagbibigay ng mga kawanggawa sa mga kamag-anak.

2- Ang pagbigay ng mga kawanggawa sa mga kamag-anak ay isa sa mga paraan ng pag-uugnay ng pagkakamag-anak, at pagpapalakas ng bigkis ng pagmamahalan sa pagitan ng miyembro ng pamilya.

3- Dapat na umiwas sa panunumbat ng mga kawanggawa sa mga kamag-anak at sa iba.

٢١- عَـنْ أَنَـسٍ ﷺ قَـالَ: كَـانَ النَّبِـيُّ ﷺ يَقُـوْلُ: "اَللَّهُـمَّ إِنِّـيْ أَعُـوْذُ بِـكَ مِـنَ الْهَـمِّ وَالحَـزَنِ، وَالعَجْـزِ وَالْكَسَـلِ، وَالجُـبْنِ والبُخْـلِ، وضَـلَعِ الـدَّيْنِ، وَغَلَبَةِ الرِّجَالِ".

(صحيح البخاري، رقم الحديث ٦٣٦٩، وصحيح مسلم، رقم الحديث ٥٠- (٢٧٠٦)، واللفظ للبخاري).

21- Si Anas (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: Sinasabi ng Propeta (ﷺ): "*Allaahumma innee a`udhu bika minal hammi wal hazan, wal `ajzi wal kasal, wal jubni wal bukh'l, wa dhal-`id dayn, wa ghalabatir rijaal* (O Allah! Tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa pagkabalisa at kapighatian, kawalan ng lakas at katamaran, kahinaan ng loob at

kakuriputan, o ang madaig ng utang at magapi ng mga kalalakihan". Al-Bukhari: Hadith bilang (6369).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (6):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Ang nabanggit na pagpapakupkop sa Hadith na ito ay nagpapahiwatig sa walong bagay na ito, na siyang sisira sa maligayang buhay ng tao.

2- Nailahad sa Hadith na ito ang pagpapakukop laban sa walong bagay na ito, sapagka't ito ay kabilang sa mga dahilan ng pagkukulang sa pagpapatupad ng mga karapatan at mga tungkulinng pangrelihiyon o pangmundo.

3- Dapat sa isang tao ay umiwas na masadlak sa mga kadahilanan ng kasamaan at kapilyuhan.

٢٢- عَـــنْ أَبِــيْ هُرَيْــرَةَ ﷺ عَـــنِ الــنَّبِيِّ ﷺ قَـــالَ: "لاَ يَقْبَـــلُ اللّٰهُ صَـــلاَةَ أَحَـــدِكُمْ إِذَا أَحْـــدَثَ حَتّـــى يَتَوَضَّأَ".

(صحيح البخاري، رقم الحديث ٦٩٥٤، وصحيح مسلم، رقم الحديث ٢- (٢٢٥)، واللفظ للبخاري).

22- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat tungkol sa Propeta (ﷺ) na nagsasabi: "Hindi tatanggapin ng Allah ang pagdarasal ng isa sa inyo kapag siya ay nasa Hadath (Maruming kalagayan) hangga't hindi siya nakakapagsagawa ng Wudu' (Paghuhugas)". Al-Bukhari: Hadith bilang (6954).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (2):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Ipinapahayag ng Hadith na ito na ang Salah (Pagdarasal) ay hindi magiging wasto kung walang paglilinis (sa pamamagitan ng Wudu' o ng Ghusl).

2- Dapat sa isang Muslim ay maging interesado sa ganap na kalinisan; para sa pagsasagawa ng Salah.

3- Ang ganap na paglilinis ay nagaganap sa pamamagitan ng likas na tubig, o malinis na lupa.

٢٣- عَنْ أَبِيْ سَعِيْدٍ اَلْخُدْرِيِّ ﷺ قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: "لاَ تَسُبُّوْا أَصْحَابِيْ؛ فَلَوْ أَنَّ أَحَدَكُمْ أَنْفَقَ مِثْلَ أُحُدٍ ذَهَبًا ، مَا بَلَغَ مُدَّ أَحَدِهِمْ وَلاَ نَصِيْفَهُ".

(صحيح البخاري، رقم الحديث ٣٦٧٣، وصحيح مسلم، رقم الحديث ٢٢٢ - (٢٥٤١)، واللفظ للبخاري).

23- Si Abu Said Al-Khudri (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: Sinabi ng Propeta (ﷺ): "Huwag ninyong insultuhin ang aking mga Sahabi (Kasamahan); sapagka't kahit man ang isa sa inyo ay gugugol ng ginto ng kasing tulad ng Uhud (isang napakalaking bundok sa Madinah), hindi niya mapapantayan ang naigugol nila na *Mud* (di-humigit kumulang ng 812 gramo, o 510 gramo), ni ang kalahati nito". Al-Bukhari: Hadith bilang (3673).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (5):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Itinuturo ng Hadith na ito na dapat igalang ang mga Sahabi (Kasamahan ng Propeta), sumakanila nawa ang kaluguran ng Allah.

2- Ipinagbabawal sa isang tao ang maging masama sa mga kasamahan ng Sugo ng Allah (ﷺ), maging sa salita o gawa.

3- Ipinahihiwatig ng Hadith na ito ang kahigtan ng mga kasamahan ng Sugo ng Allah (ﷺ) sa sinumang dumating pagkatapos nila.

٢٤- عَــنْ أَبــيْ هُرَيْــرَةَ رضي الله عنه قَـــالَ: قَـــالَ رَسُـــوْلُ اللّٰهِ ﷺ: اَلرَّجُــلُ عَلَــى دِيْــنِ خَلِيْلِــهِ؛ فَلْيَنْظُــرْ أَحَــدُكُمْ مَــنْ يُخَالِلْ".

(جــامع الترمــذي، رقــم الحــديث ٢٣٧٨، وســنن أبــي داود، رقــم الحــديث ٤٨٣٣، واللفــظ للترمــذي، قَــالَ الإمــام الترمــذي عــن هــذا الحــديث: بأنــه حســن غريــب، وقَــالَ العلامــة محمــد ناصــر الــدين الألبــاني عــن هــذا الحديث أيضاً: بأنه حسن).

24- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ): "Ang isang lalaki ay nakasalalay sa pananampalataya ng matalik niyang kaibigan; kaya kilatisin ng isa sa inyo ang sinumang nais niyang maging matalik na

kaibigan". At-Tirmidhi: Hadith bilang (2378).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (2):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Ipinapahiwatig ng Hadith na ito ang kalikasan ng tao na madaling maapektuhan ng mga kaibigan at kapanalig sa kabutihan at kasamaan.

2- Hinihimok ng Hadith na ito ang pakikipagkaibigan sa mga mabubuting tao at umiwas sa mga masasama.

3- Ang mga mabubuting tao ay yaong nagdudulot ng kapakinabangan sa mga relihiyosong bagay at makamundong bagay, samantalang ang mga

masasama ay yaong nakasisira sa mga relihiyosong bagay at makamundong bagay.

٢٥- عَنْ جَابِرِ بْنِ عَبْدِ اللَّهِ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمَا، يَقُولُ: سَمِعْتُ رَسُولَ اللَّهِ ﷺ يَقُولُ: "أَفْضَلُ الذِّكْرِ لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللَّهُ، وَأَفضَلُ الدُّعَاءِ اَلْحَمْدُ لِلَّهِ".

(جامع الترمذي، رقم الحديث ٣٣٨٣، وأيضا: سنن ابن ماجه، رقم الحديث ٣٨٠٠، قَالَ الإمام الترمذي عن هذا الحديث بأنه: حسن غريب، وقَالَ العلامة محمد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث بأنه: حسن).

25- Si Jabir ibn Abdullah (Sumakanila nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsasabi: Narinig ko sa Sugo ng Allah (ﷺ) na kanyang sinasabi: "Ang pinakamabuting Dhikr (Paggunita) ay ang *Laa ilaaha illallaah* (Walang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah), at ang

pinakamabuting Du`a (Panalangin) ay ang *Alhamdu lillaah* (Ang lahat ng pagpupuri ay sa Allah)". At-Tirmidhi: Hadith bilang (3383).

Ang Taga-ulat ng Hadith na ito:

Siya si Jabir ibn Abdullah Al-Ansari, isang dakilang Sahabi na nanumpa ng katapatan sa Propeta (ﷺ) sa gabi ng (pagpupulong sa) Aqabah kasama ang kanyang ama, at isa rin siya sa nanumpa ng katapatan sa Propeta (ﷺ) sa tinaguriang Bai`ah Ar-Ridwan. Siya ay isa sa mga kinabibilangang may maraming ulat na Hadith at umabot ang kanyang naiulat ng (1540) na Hadith, at binawian siya ng buhay noong ika-73 sa Hijri. datapuwa't may nagsasabi na hindi ganito.

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Sa tuwing nadadagdagan ang pagmamahal ng tao sa kanyang Panginoon, nadadagdagan din ang kanyang paggunita sa Allah, ang Panginoon ng lahat ng nilalang.

2- Ang paggunita sa Allah at ang pagpanalangin sa Kanya ay kabilang sa mga paraan ng pagpapalapit sa Allah.

3- Ang Salitang Tawheed (Kaisahan) ay ang: Laa ilaaha illallaah, hindi ito napapantayan ng anupaman; kaya ito ang pinakamabuting paggunita sa Allah.

4- Ang Salita ng dakilang pagpapasalamat at magandang pagpupuri sa Allah ay ang: Alhamdu lillaah; kaya ito ang pinakamabuting panalangin.

٢٦- عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ مَسْعُوْدٍ ﷺ قَالَ: كُنَّا نَقُوْلُ: التَّحِيَّةُ فِي الصَّلاَةِ، وَنُسَمِّيْ، وَيُسلِّمُ بَعْضُنَا عَلَى بَعْضٍ؛ فَسَمِعَهُ رَسُوْلُ اللّٰهِ ﷺ؛ فَقَالَ: "قُوْلُوْا: اَلتَّحِيَّاتُ لِلّٰهِ، وَالصَّلَوَاتُ وَالطَّيِّبَاتُ، اَلسَّلاَمُ عَلَيْكَ أَيُّهَا النَّبِيُّ وَرَحْمَةُ اللّٰهِ وَبَرَكَاتُهُ، اَلسَّلاَمُ عَلَيْنَا وَعَلَى عِبَادِ اللّٰهِ الصَّالِحِيْنَ، أَشْهَدُ أَنْ لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللّٰهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُوْلُهُ؛ فَإِنَّكُمْ إِذَا فَعَلْتُمْ

ذَلِكَ؛ فَقَدْ سَلَّمْتُمْ عَلَى كُلِّ عَبْدٍ لِلَّهِ صَالِحٍ، فِي السَّمَاءِ وَالْأَرْضِ".

(صحيح البخاري، رقم الحديث١٢٠٢ ، وصحيح مسلم، رقم الحديث ٥٥- (٤٠٢)، واللفظ للبخاري).

26- Si Abdullah ibn Mas`ud (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: Dati ay ang sinasabi namin: At-Tahiyyatu fis salah (Ang pagbati ay sa pagdarasal), at kami ay sumasambit ng mga pangalan sa pagbati, at nagbabatian kami sa isa't isa ng Salam; datapuwa't nang marinig ito ng Sugo ng Allah (ﷺ); siya ay nagsabi: "Ang sabihin ninyo: *At-Tahiyyaatu lillaahi, was salawaatu wat tayyibaatu, assalaamu `alayka ayyuhan nabiyyu wa rahmatullaahi wa barakaatuhu, assalaamu `alaynaa wa `alaa `ibaadil laahis saaliheen, ash-hadu allaa ilaaha*

illallaah, wa ash-hadu anna muhammadan `abduhu wa rasooluh (Ang lahat ng pagbati ay para sa Allah, ang mga dasal at mabubuting bagay ay para sa Allah. Sumaiyo nawa ang kapayapaan O Propeta at ang habag at pagpapala ng Allah. Ang kapayapaan ay mapasa-amin at mapasa mga taong gumagawa ng mga makatarungang paglilingkod sa Allah. Ako ay sumasaksi na walang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Kanyang lingkod at sugo); at kapag iyon ay inyong ginawa; katotohanang inyong nabati ng Salam ang lahat ng matuwid na alipin sa Allah, maging sa kalangitan at kalupaan". Al-Bukhari: Hadith bilang (1202).

Ang Taga-ulat ng Hadith na ito:

Siya si Abdullah ibn Mas'ud (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah), isa sa mga pinakamaalam at tanyag sa mga Sahabi (Kasamahan ng Propeta), at siya rin ang pinakamahusay magbasa ng Qur'an sa

mga Sahabi, ang kanyang naiulat ay umabot ng (848) na Hadith, at nasalihan niya ang lahat ng digmaan kasama ng Sugo (ﷺ). Pagkaraan ay lumahok siya sa labanan sa Yarmuk sa Sirya, pagkatapos ng kamatayan ng Sugo (ﷺ), Siya ay ipinadala ni Umar sa Kufa (Iraq), upang turuan ang mga tao doon ng mga katuruang ukol sa kanilang pananampalataya. At pagkatapos ay hinirang siya dito ni Uthman ibn Affan bilang pinuno, at pagkaraan ay inutusan siyang bumalik sa Madinah, at siya ay binawian ng buhay dito taong ika-32 sa Hijri. sa edad niyang mahigit (60) taong gulang at siya ay nailibing sa Baqi`.

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Napapaloob sa Hadith na ito ang paraan ng pagbati sa Allah.

2- Ipinapaalaala ng Hadith na ito ang paraan ng pagbati ng Salam sa Sugo ng Allah na si Muhammad (ﷺ) hanggang sa Araw ng Pagbabangon, at ang paraan nito ay ganito: *Assalaamu `alayka ayyuhan nabiyyu wa rahmatullaahi wa barakaatuhu*.

3- Ang mga alituntunin ng pananampalataya, ang mga islamikong batas, at ang mga kaugalian sa Islam ay umuusbong mula sa dalawang pagsasaksi na ito: Ang *Laa ilaaha illallaahu, wa anna muhammadan rasoolullaah* (Walang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah, at si Muhammad ay tunay na Sugo ng Allah)".

4- Ang isang matuwid na alipin ay yaong nagpapatupad ng mga karapatan at mga tungkulin ayon sa mga kahilingan ng Islam.

٢٧- عَنْ مِقْدَامِ بْنِ مَعْدِيْكَرِبَ ﷺ قَالَ: سَمِعْتُ رَسُوْلَ اللّٰهِ ﷺ يَقُوْلُ: "مَا مَلَأَ آدَمِيٌّ وِعَاءً شَرًّا مِنْ بَطْنٍ، حَسْبُ الآدَمِيِّ أُكُلَاتٌ يُقِمْنَ صُلْبَهُ؛ فَإِنْ كَانَ لاَ مَحَالَةَ؛ فَثُلُثٌ لِطَعَامِهِ؛ وَثُلُثٌ لِشَرَابِهِ؛ وَثُلُثٌ لِنَفَسِهِ".

(جامع الترمذي، رقم الحديث ٢٣٨٠، وسنن ابن ماجه، رقم الحديث ٣٣٤٩ ، واللفظ للترمذي، قَالَ الإمام الترمذي عن

هــذا الحــديث بأنــه: حســن صــحيح، وقَــالَ العلامــة محمــد ناصــر الدين الألباني عن هذا الحديث أيضاً: بأنه صحيح).

27- Si Miqdam ibn Ma`a-dikarib (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: Narinig ko sa Sugo ng Allah (ﷺ) na nagsasabi: "Wala nang pinakamasamang sisidlan na pinupuno ng tao na humigit pa sa tiyan, sapat na sa tao ang mga kapiraso na magtutuwid ng kanyang gulugod, subali't kung hindi na maiiwasan, sa gayon ang pangatlong bahagi ay para sa kanyang pagkain, at ang pangatlo ay para sa kanyang inumin at ang pangatlo ay para sa kanyang sarili". At-Tirmidhi: Hadith bilang (2380).

Ang Taga-ulat ng Hadith na ito:

Siya si Abu Kareemah, Al-Miqdam ibn Ma`a-dikarib ibn `Am'r Al-Kanadi, isang dakilang Sahabi (Kasamahan ng Propeta), siya ay nanirahan sa lungsod ng Hims, at siya ay isa sa mga delegasyon na dumating sa Sugo ng Allah (ﷺ).

Siya ay lumahok sa mga labanang pagsakop ng Islam sa Sirya at Iraq, at siya ay nakibaka rin sa labanan sa Yarmouk at Qadisiyah, at kailanman ay hindi siya lumiban sa anumang labanan kasama ng mga Muslim laban sa kanilang mga kaaway, at siya ay nakapag-ulat ng (42) na Hadith sa mga aklat ng Hadith.

Siya ay itinuturing na kabilang sa mga mamamayan ng Sirya, at siya ay binawian ng buhay sa Sirya taong ika-87 sa Hijri, sa edad niyang (91) taon.

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Hinihimok ng Hadith na ito ang pagsunod sa pamamaraang katamtaman sa pagkain at pag-inom; sapagka't ito ang dahilan ng kalusugan at kadalisayan ng sarili; kaya hindi nararapat sa isang Muslim na magpakabundat sa pagkain at inumin.

2- Ang pagpapakabusog at ang pagpapakabundat ng tiyan ay nagdudulot ng katamaran at mga karamdaman, at nagpipigil sa pagpapatupad ng tungkulin at nagtutulak sa kawalan ng trabaho at kasalanan.

3- Dapat ay panatiliin ang mga magagandang asal sa Islam sa pagkain at pag-inom, at iwasan ang kasibaan; sapagka't hindi ito kapuri-puri sa Islam.

٢٨- عَـــنْ عَبْـــدِ اللَّـــهِ بْـــنِ مَسْـــعُوْدٍ ﷺ قَـــالَ: قَـــالَ رَسُـــوْلُ اللّٰهِ ﷺ: "أَوَّلُ مَـــا يُحَاسَـــبُ بِـــهِ الْعَبْـــدُ اَلصَّلاَةُ، وَأَوَّلُ مَا يُقْضَى بَيْنَ النَّاسِ فِي الدِّمَاءِ".

(ســنن النســائي، رقــم الحــديث ٣٩٩١، قَــالَ العلامــة محمــد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث: بأنه صحيح).

28- Si Abdullah ibn Mas`ud (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ): "Ang pinakaunang idadaan sa pagsusulit sa (mga gawain ng) isang alipin ay ang Salah (Pagdarasal), at ang pinakaunang hahatulan sa pagitan ng mga tao ay ang kaso sa dugo". An-Nisaa-i: Hadith bilang (3991).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (26):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Ang Salah ang pinakapangunahin sa mga saligan ng kabanalan at pagpapalapit sa Allah.

2- Ang Salah ang pinakadakilang pagsamba sa Islam; kaya dapat sa isang Muslim ay pangalagaan ito ng masidhing pag-aalaga.

3- Tunay na pinararangalan ng Islam ang tao, at hinihimok nito ang pangangalaga sa kanyang dugo, kaya hindi ipinapahintulot ang pagpatay sa kanya nang hindi batay sa katarungan.

٢٩- عَنْ أَنَسٍ ﷺ قَالَ: قَالَ رَسُوْلُ اللّٰهِ ﷺ: "اُنْصُرْ أَخَاكَ ظَالِمًا أَوْ مَظْلُوْمًا؛ فَقَالَ رَجُلٌ: يَا رَسُوْلَ اللّٰهِ، أَنْصُرُهُ إِذَا كَانَ مَظْلُوْمًا ، أَفَرَأَيْتَ إِذَا كَانَ ظَالِمًا

كَيْـفَ أَنْصُــرُهُ ؟ قَــالَ: تَحْجُــزُهُ، أَوْ تَمْنَعُــهُ مِــنَ الظُّلْــمِ؛ فَإِنَّ ذَلِكَ نَصْرُهُ".

(صحيح البخاري، رقم الحديث ٦٩٥٢).

29- Si Anas (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ): "Tulungan mo ang iyong kapatid (sa pananampalataya) na gumagawa ng kawalan ng katarungan o ginagawan ng hindi makatarungan; ang isang lalaki ay nagsabi: O Sugo ng Allah! Tutulungan ko siya kung siya ay ginagawan ng hindi makatarungan, subali't paano ko siya tutulungan kung siya ay gumagawa ng kawalan ng katarungan? Siya ay nagsabi: Patigilin mo siya o pigilan mo siya sa kawalan ng katarungan; magkagayon ito ang pagtulong mo sa kanya". Al-Bukhari: Hadith bilang (6952).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (6):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Ang pagpapatupad ng katarungan ay kabilang sa mga katangian ng Islam na siyang Relihiyon ng Allah.

2- Hinihimok ng Islam ang pangangalaga sa mga karapatan ng mga tao.

3- Ipinagbabawal ng Hadith na ito ang lahat ng mga uri at anyo ng kawalan ng katarungan.

٣٠- عَنْ أَبِيْ هُرَيْرَةَ ﷺ قَالَ: كَانَ رَسُوْلُ اللّٰهِ ﷺ يُعَلِّمُ أَصْحَابَهُ: يَقُوْلُ: "إِذَا أَصْبَحَ أَحَدُكُمْ؛ فَلْيَقُلْ: اَللّٰهُمَّ بِكَ أَصْبَحْنَا وَبِكَ أَمْسَيْنَا وَبِكَ نَحْيَا وَبِكَ نَمُوْتُ وَإِلَيْكَ الْمَصِيْرُ، وَإِذَا أَمْسَى؛ فَلْيَقُلْ: اَللّٰهُمَّ بِكَ أَمْسَيْنَا وَبِكَ أَصْبَحْنَا وَبِكَ نَحْيَا وَبِكَ نَمُوْتُ وَإِلَيْكَ النُّشُوْرُ".

(جـــامع الترمـــذي، رقـــم الحـــديث ٣٣٩١، وســـنن ابـــن ماجـــه، رقـــم الحـــديث ٣٨٦٨، واللفـــظ للترمـــذي، قـــال الإمـــام الترمـــذي عـــن هـــذا الحـــديث بأنـــه: حـــديث حســـن، وقـــال العلامـــة محمـــد ناصـــر الـــدين الألباني عن هذا الحديث بأنه: صحيح).

30- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: Nakaugalian ng Sugo ng Allah (ﷺ) na turuan ang kanyang mga kasamahan: Kanyang sinasabi: "Kapag inabot ng umaga ang isa sa inyo; siya ay magsabi ng: *Allaahumma bika asbah-naa, wa bika amsay-naa, wa bika nahyaa, wa bika namootu, wa ilayka al-maseer* (O Allah! Dahil sa Iyong kapahintulutan ay inabot namin ang umaga at dahil sa Iyong kapahintulutan ay inabot namin ang gabi at mula sa Iyong kapahintulutan kami ay nabuhay at mula sa Iyong kapahintulutan kami ay mamamatay, at nasa sa Iyo ang kahihinatnan), at kapag sumapit ang hapon; siya ay magsasabi: *Allaahumma*

bika amsay-naa, wa bika asbah-naa, wa bika nah-yaa, wa bika namootu, wa ilayka an-nushoor (O Allah! Dahil sa Iyong kapahintulutan ay sinapit namin ang gabi, at dahil sa Iyong kapahintulutan ay inabot namin ang umaga, at mula sa Iyong kapahintulutan kami ay nabuhay at mula sa Iyong kapahintulutan kami ay mamamatay, at nasa sa Iyo ang Muling Pagkabuhay)". At-Tirmidhi: Hadith bilang (3391).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (3):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Dapat sa bawa't Muslim ay maging abala sa paggunita sa Allah nang may pag-asang tulong mula sa Kanya at may pagtitiwala sa Kanya.

2- Hinihimok ng Hadith na ito ang pagsasaulo sa panalangin na ito, at ang pag-aalaga sa pagbasa nito sa araw-araw, sa umaga't hapon.

3- Dapat paniwalaan na ang kapalaran ng tao ay nasa Allah; kaya hindi nararapat sa isang tao na kalimutan ang paggunita sa Allah.

٣١- عَنْ جَابِرِ بْنِ عَبْدِ اللَّهِ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمَا، عَنِ النَّبِيِّ ﷺ، قَالَ: "مَنْ قَالَ: سُبْحَانَ اللَّهِ الْعَظِيمِ، وَبِحَمْدِهِ؛ غُرِسَتْ لَهُ نَخْلَةٌ فِي الْجَنَّةِ".

(جامع الترمذي، رقم الحديث ٣٤٦٤، قال الإمام الترمذي عن هذا الحديث بأنه: حسن غريب صحيح، وقال العلامة محمد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث بأنه: صحيح).

31- Si Jabir ibn Abdullah (Sumakanila nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat tungkol sa Propeta (ﷺ) na nagsasabi: "Sinuman ang magsasabi ng: *Subhaa-nallaahil `adheem, wa bihamdih* (Kaluwalhatian sa Allah, Ang Pinakadakila at sa Kanya ang lahat ng Kapurihan) ay

itatanim para sa kanya ang isang puno ng palmera sa Paraiso". At-Tirmidhi: Hadith bilang (3464).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (25):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Dapat sa isang Muslim na gunitain ang Allah sa pamamagitan ng pagluluwalhati at pagpupuri sa Kanya, sa tuwing nagkakaroon siya ng pagkakataon dito.

2- Ipinapaliwanag ng Hadith na ito ang kahigtan ng pagluluwalhati at pagpupuri sa ganitong pormula: Subhaa-nallaahil `adheem, wa bihamdih.

3- Punong palmera ang binanggit sa Hadith na ito dahil sa dami ng kapakinabangan nito at sa kabutihan ng bunga nito.

٣٢- عَنْ أَبِيْ هُرَيْرَةَ ﷺ عَنِ النَّبِيِّ ﷺ، قَالَ: "لاَ تَسُبُّوا الدَّهْرَ؛ فَإِنَّ اللّٰهَ هُوَ الدَّهْرُ".

(صحيح مسلم، رقم الحديث ٥- (٢٢٤٦)،).

32- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat tungkol sa Propeta (ﷺ), na nagsasabi: "Huwag ninyong insultuhin ang panahon, sapagka't katotohanan, ang Allah, Siya ang panahon". Muslim: Hadith bilang5- (2246).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (2):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Hindi nararapat sa isang Muslim na insultuhin ang panahon o isumpa ito, o magsasabi ng: O kabiguhan sa panahon, nang dahil sa mga matinding kapighatian o mga problema na dumadatal sa kanya; sapagka't ang panahon ay tunay na isa lamang sa mga nilalang;

kaya wala siyang sariling gawa, kundi siya ay sumasailalim sa Allah, bagkus ang tao ay may pananagutan sa mga kusa niyang ginagawa at mga pagkilos.

2- Kung ang pinatutukuyan sa Panahon: ay ang Allah, kung gayon ang ibig sabihin nito ay: Siya ang Una; at walang nauna sa Kanya na anupaman; sapagka't Siya ang Pinakauna na Walang Hanggan.

3- Dapat sa isang Muslim ay maging matiisin sa mga kapighatian at aksidente, bagkus siya ay magtakda ng mga dahilan para sa kaligtasan at kalusugan ng kanyang sarili, pamilya at mga anak ayon sa kanyang makakaya.

٣٣- عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ ﷺ كَانَ الرَّسُوْلُ ﷺ يَسْكُتُ بَيْنَ التكبيرِ وَبَيْنَ الْقِرَاءَةِ إِسْكَاتَةً ... فَقُلْتُ: بِأَبِيْ وَأُمِّيْ يَا رَسُوْلَ اللّٰهِ! إِسْكَاتُكَ بَيْنَ التَّكْبِيْرِ وَالْقِرَاءَةِ، مَا تَقُوْلُ؟ قَالَ: اَللّٰهُمَّ بَاعِدْ بَيْنِيْ وَبَيْنَ خَطَايَايَ، كَمَا بَاعَدتَ بَيْنَ

الْمَشْــرِقِ وَالمغــربِ، اَللَّهُــمَّ نَقِّنِــي مِــنَ الْخَطَايَــا كَمَــا يُنَقَّــى الثَّــوْبُ الْــأَبْيَضُ مِــنَ الــدَّنَسِ، اَللَّهُــمَّ اغْسِــلْ خَطَايَايَ بالماءِ وَالثَّلْجِ وَالبَرَدِ.

(صــــحيح البخــــاري، رقــــم الحــــديث ٧٤٤، وصــــحيح مســــلم، رقم الحديث ١٤٧ - (٥٩٨)، واللفظ للبخاري).

33- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat: Lagi nang tumitigil ang Sugo ng Allah (ﷺ) sa pagitan ng *Takbeeratul (Ihram)* at ng pagbasa (ng *Al-Fatihah*) nang saglit … Kaya aking sinabi: Ang aking ama at ina (ay pantubos ko para sa iyo) O Sugo ng Allah (ﷺ)! Ano ang iyong sinasambit sa pagtigil mo sa pagitan ng *Takbeeratul (Ihram)* at ng pagbasa (ng *Al-Fatihah*)? Siya ay nagsabi: *Allaahumma baa-`id baynee wa bayna kha-thaa-yaaya, kamaa baa-`adta bayna al-mash-riqi wal magh-rib, allaahumma naqqinee minal kha-thaa-yaa kamaa yunaqqaa ath-*

thawbul abya-dhu minad danas, allaahummagh-sil kha-thaa-yaa-ya bil maa-I wath-thalji wal barad (O Allah! Ilayo Mo ako mula sa aking mga pagkakasala katulad ng paglayo Mo sa pagitan ng silangan at kanluran. O Allah! Dalisayin Mo ako sa aking mga pagkakasala katulad ng pagdalisay Mo sa isang maputing tela mula sa dumi, O Allah! Linisin Mo ang aking mga pagkakasala ng tubig, yelo at neyebe)". Al-Bukhari: Hadith bilang (744).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (2):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Dapat sa isang Muslim na maging masigasig sa pagsasaulo ng dakilang panalangin na ito.

2- Ipinahihiwatig ng Hadith na ito ang pagiging lehitimo ng pagbasa sa Du`a na ito sa pagitan ng Takbeeratul Ihram at Surah Al-Fatihah bilang paggaya sa Propeta (ﷺ).

3- Hinihimok ng Hadith na ito ang pag-iwas sa mga kasalanan at sa mga lugar nito.

٣٤- عَـنْ أَبِـيْ هُرَيْـرَةَ ﷺ عَـنِ الـنَّبيِّ ﷺ قَـالَ: "مـا يُصـيبُ المُسـلِمَ، مِـن نَصَـبٍ ولاَ وَصَـبٍ، وَلاَ هَـمٍّ وَلاَ حُـزْنٍ وَلاَ أذًى وَلاَ غَـمٍّ، حَتَّـى الشَّـوْكَةِ يُشَـاكُها، إلاَّ كَفَّرَ اللّهُ بِهَا مِن خَطَايَاهُ".

(صـحيح البخـاري، رقـم الحـديث ٥٦٤١، وصـحيح مسـلم، رقم الحديث ٥٢ - (٢٥٧٣)، واللفظ للبخاري).

34- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat tungkol sa Propeta (ﷺ) na nagsasabi: "Walang dumadatal sa isang Muslim na kapaguran o kirot, pangamba o kalungkutan, kapinsalaan o kahihiyan, maging ang isang tinik na titinik sa kanya, kundi patatawarin ng Allah ang kanyang mga kasalanan dahil dito". Al-Bukhari: Hadith bilang (5641).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (2):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Dumadatal sa bawa't tao ang ilan sa mga uri ng kapahamakan o problema; kaya dapat siyang maging matiisin sa mga ito, at magtakda ng mga dahilan ng kanyang kaligtasan nang may pagtitiwala sa Allah.

2- Napapaloob sa Hadith na ito at sa iba pang katulad nito ang isang napakagandang balita sa bawa't Muslim; na kung saan ay hindi pa lamang nila nalalampasan ang mga makamundong kapighatian na ito; ay nagkakaroon na ng kapatawaran ang kanilang mga kasalanan o naitataas na ang kanilang mga antas sa Allah.

3- Dapat sa isang Muslim ay manalangin sa Allah ng kaligtasan at kalusugan bago dumatal sa kanya ang mga kapighatian, gayundin pagkatapos ng pagdatal nito.

٣٥ - عَـنْ عَلِـي بْـنِ أَبـيْ طَالِـبٍ ﷺ، يَقُـوْلُ: إنَّ نَبِـيَّ اللّٰهِ ﷺ أَخَـذَ حَرِيْـرًا؛ فَجَعَلَـهُ فِـيْ يَمِيْنِـهِ، وَأَخَـذَ ذَهَبًـا؛ فَجَعَلَـهُ فِـيْ شِـمَالِهِ، ثُـمَّ قَـالَ: "إِنَّ هَـذَيْنِ حَرَامٌ عَلَى ذُكُوْرِ أُمَّتِيْ".

(سـنن أبـي داود، رقـم الحـديث ٤٠٥٧، وجـامع الترمـذي، رقـم الحـديث ١٧٢٠، واللفـظ لأبـي داود، قَـالَ الإمـام الترمـذي عـن هـذا الحـديث: بأنـه حسـن صـحيح، وقـال العلامـة محمـد ناصـر الدين الألباني عن هذا الحديث أيضا: بأنه صحيح).

35- Si Ali ibn Abu Thalib (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinasabi: Katotohanang kumuha ang Propeta ng Allah (ﷺ) ng isang sutla at inilagay ito sa kanyang kanang kamay, pagkatapos ay kumuha naman ng isang kapirasong ginto at inilagay niya ito sa kanyang kaliwang kamay, at tuloy na sinabi: "Ang dalawang ito ay

ipinagbabawal sa mga kalalakihan na aking mga tagasunod". Abu Daud: Hadith bilang (4057).

Ang Taga-ulat ng Hadith na ito:

Siya si Abul Hasan, Ali ibn Abu Thalib ibn Abdul Muttalib Al-Hashimi mula sa Angkan ng Quraish (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah). Siya ay isinilang sa petsa na ika-13 sa buwan ng Rajab taong ika-23 sa Hijri. – 17/03/599 sa petsang Gregorian. Siya ay pinsang buo ng Sugo (ﷺ) at mamanugang sa kanya, at siya ang pinakaunang yumakap sa Islam sa mga kabataan, at nang ipahintulot ng Allah sa Kanyang Sugo (ﷺ) ang paglikas sa Madinah, kanyang inialay ang sarili; kaya natulog siya sa higaan ng Sugo ng Allah (ﷺ) na isinasakripisyo ang kanyang sarili at espiritu; kaya't inakala ng mga Quraish na siya ang Sugo ng Allah (ﷺ); subali't nang malaman ng mga Quraish na ito ay isang panlilinlang; sinaktan nila siya, nguni't hindi rin niya pinansin sa kanila iyon, bagku's nagsimula siyang ipamigay at ibalik ang mga bagay na ipinagkatiwala sa kanya ng Sugo ng Allah (ﷺ) sa mga may ari nito nang malapit na siyang lumikas.

Nakapagsalaysay siya sa mga aklat ng Hadith ng (536) na Hadith. Siya ay may kagandahang mukha, ang kanyang mukha ay parang tulad ng sa kabilugan ng buwan sa ganda. Siya ay tumanyag sa kanyang kagalingan sa paghatol at pagbigay ng sariling opinyon sa pagpapasiya, sa kaalaman sa Aklat ng Allah, at sa pag-unawa sa mga kahulugan at pahiwatig nito, gayundin naman na siya ay naging tanyag sa katapangan, katalinuhan, kagandahan ng pagtalumpati at kahusayan sa pagsasalita, at kanyang nasalihan ang lahat ng labanan kasama ang Sugo ng Allah (ﷺ), maliban sa labanan sa Tabuk; nang siya ay hinayaan ng Sugo (ﷺ) na magpaiwan sa kanyang pamilya, isa siya sa sampung binalitaan ng Propeta na makakapasok sa Paraiso, at tinaguriang Pinuno ng mga sumasampalataya, at isa sa apat na binansagan ng mga napatnubayang Tagapaghalili, na kung saan ay hinirang siya bilang tagapaghalili sa taon na ika-35 sa Hijri sa Madinah, pagkatapos ng pagkapaslang kay Uthman ibn Affan (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah), at kanyang itinakda ang Kufa na kabisera nito, at siya ay nanatili sa kanyang katungkulan bilang tagapaghatol sa loob ng limang taon at tatlong

buwan, datapuwa't inilarawan ang kapanahunan ng kanyang pamumuno ng kawalang-tatag na pulitika.

Pagkaraan ay sinaksak siya ng isa sa mga Khawarij (Nagbabaklas sa kanyang pamumuno), habang siya ay nagdarasal ng Salah sa madaling araw sa Masjid sa Kufa; at siya ay binawian ng buhay bilang martir sa buwan ng Ramadan taong ika-40 sa Hijri – 661 sa petsang Gregorian. Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah.

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Ipinapaliwanag ng Hadith na ito ang kabawalan ng pagsusuot ng sutla at ginto sa mga kalalakihan, kaya dapat iwasan ito ng mga kalalakihan; sapagka't ang pagsusuot nito ay nagmamana ng pagmamataas at pagpapasikat, at naglalantad ng karangyaan at pag-aaksaya maliban sa mga kababaihan.

2- Ipinahihintulot ng Islam sa isang babaeng Muslim ang pagsusuot ng sutla at ang pagpapalamuti ng ginto; sapagka't ang dalawang ito ay simbolo ng kanyang pagpapalamuti at pagpapaganda nang may

pagpapahalaga sa pagkamatimpiin, samakatuwid walang pag-aaksaya at paglulustay dito.

3- Dapat sa bawa't Muslim ay hawakan ng matatag ang mga alituntunin ng Islam, at iwasan ang paghahayag ng pagiging gastador at mapagmataas, sa kasuutan at lahat ng aspeto ng buhay.

٣٦- عَنْ أَبِيْ أُمَامَةَ الْبَاهِلِيِّ ﷺ، قَالَ: قُلْتُ: يَا رَسُوْلَ اللّٰهِ! مُرْنِيْ بِأَمْرٍ يَنْفَعُنِي اللّٰهُ بِهِ؛ قَالَ: "عَلَيْكَ بِالصِّيَامِ؛ فَإِنَّهُ لاَ مِثْلَ لَهُ".

(سنن النسائي، رقم الحديث ٢٢٢١، قَالَ العلامة محمد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث: بأنه صحيح).

36- Si Abu Umamah Al-Bahili (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: O Sugo ng Allah! Utusan mo po ako ng isang pag-uutos, na nawa'y gawin ito sa akin ng Allah na kapaki-pakinabang; siya ay nagsabi: "Ikaw ay mag-

ayuno; sapagka't walang katulad ito". An-Nisaa-i: Hadith bilang (2221).

Ang Taga-ulat ng Hadith na ito:

Siya si Abu Umamah, Suday ibn `Ajlan ibn Wahb Al-Bahili, isang banal na Sahabi (Kasamahan ng Propeta) at mapagpakasakit.

Gustung-gusto niyang makibaka sa pakikipaglaban sa Landas ng Allah, kaya lagi siyang nakadikit at sumasama sa Propeta (ﷺ) sa lahat ng kanyang pakikipaglaban, ni hindi siya lumiban sa isang labanan, at hindi rin siya nabibigo sa pakikipaglaban sa Landas ng Allah, maliban sa labanan sa Badr dahil sa paglilingkod niya sa matanda niyang ina; na kung saan ay inutusan siya ng Sugo ng Allah (ﷺ) na magpaiwan sa kanyang ina, lumahok din siya sa lahat ng digmaan kasama ng mga napatnubayang tagapaghalili, sumakanila nawa ang kaluguran ng Allah, siya ay nakapagsalaysay ng (250) Hadith sa mga aklat ng Hadith, dati siyang nanirahan sa Sirya, nguni't sa kalupaan ng Hims siya binawian ng buhay taong ika-81 sa Hijri.

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Ang pag-aayuno ang pinakadakila sa mga gawaing pagsamba sa Islam; kaya dapat lamang sa isang Muslim na pakaingatan niya ito.

2- Hinihimok ng Hadith na ito ang isang Muslim na maging masigasig sa pag-aayuno, at pagaanin ang lahat ng kinakaharap niyang pagod at hirap sa pagpapatupad nito.

3- Ang pag-aayuno ang itinuturing na pinakamainam na paraan sa pagtamo ng kaluguran ng Allah at ng Kanyang gantimpala, sapagka't ipinagkakaloob ng Allah sa matiyagang nag-aayuno ang kanyang gantimpala nang walang pagkukuwenta.

٣٧- عَنْ أَبِيْ هُرَيْرَةَ ﷺ عَنِ النَّبِيِّ ﷺ قَالَ: "إِنَّ الدِّينَ يُسْرٌ وَلَنْ يُشَادَّ الدِّينَ أَحَدٌ إِلاَّ غَلَبَهُ؛ فَسَدِّدُوا وَقَارِبُوا وَأَبْشِرُوا وَاسْتَعِينُوا بِالْغَدْوَةِ وَالرَّوْحَةِ وَشَيْءٍ مِنْ الدُّلْجَةِ".

(صـــحيح البخـــاري، رقـــم الحـــديث ٣٩، وصـــحيح مســـلم، رقـــم الحديث ٧٦ - (٢٨١٦)، واللفظ للبخاري).

37- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat tungkol sa Propeta (ﷺ) na nagsabi: "Katotohanan, ang Relihiyong (Islam) ay madali, at tunay na walang sinumang nagpapakahirap sa Relihiyon kundi nadadaig siya nito, kaya panatiliin ang kawastuhan at katamtaman, o ang malapit dito, bagkus magbigay ng magandang balita. Kaya gawing gabay (sa inyong pagsamba) ang madaling araw, ang dapit hapon at ang ilang bahagi ng huling gabi". Al-Bukhari: Hadith bilang (39).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (2):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Ang Islam ay Relihiyong katamtaman sa lahat ng bagay, kaya wala itong pagpapahirap at pagpapalabis.

2- Kapag ang isang tao ay nagmalabis sa mga pang-islamikong bagay o sa pagsamba, at tinalikuran ang kagandahang-loob at ang kahinahunan dito; siya ay tunay na mahihirapan dito at matitigil.

3- Ang pamamaraan ng Islam ay ang pagsunod sa katamtaman sa lahat ng bagay, maging sa mga gawaing pagsamba, sa pag-aanyaya sa Allah, sa edukasyon, sa pagtuturo at pakikitungo, at sa lahat ng mga bagay na pang-relihiyon at pangmundo.

٣٨- عَنْ عَبْدِ اللهِ بْنِ عُمَرَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمَا قَالَ: تَجَشَّأَ رَجُلٌ عِنْدَ النَّبِيِّ ﷺ؛ فَقَالَ: "كُفَّ جُشَاءَكَ عَنَّا؛ فَإِنَّ أَطْوَلَكُمْ جُوْعًا يَوْمَ الْقِيَامَةِ، أَكْثَرُكُمْ شِبَعًا فِيْ دَارِ الدُّنْيَا".

(سنن ابن ماجه، رقم الحديث ٣٣٥٠، وجامع الترمذي، رقم الحديث ٢٤٧٨، واللفظ لابن ماجه، وقال الإمام الترمذي عن هذا الحديث بأنه: حسن غريب، وقال العلامة محمد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث أيضا بأنه: حسن).

38- Si Abdullah ibn Umar (Sumakanila nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: Dumighay ang isang lalaki sa harapan ng Propeta (ﷺ); kaya siya ay nagsabi: "Pigilin mo ang pagdidighay mo sa amin; sapagka't ang may napakahahabang gutom sa inyo sa Araw ng Pagbabangon Muli, ay ang nagpapakabundat sa inyo ng labis sa tahanan ng mundong ito". Ibnu Majah: Hadith bilang (3350).

Ang Taga-ulat ng Hadith na ito:

Siya si Abdullah ibn Umar ibn Al-Khattab, isang dakilang Sahabi (Kasamahan ng Propeta), yumakap siya sa Islam kasama ng kanyang ama sa kanyang murang edad at pagkatapos ay lumikas siya patungong Madinah bago ang kanyang ama. Ang unang digmaan na kanyang nasalihan ay ang labanan sa Al-Khandaq, at pagkaraan ay nasalihan niya ang lahat ng labanan kasama ang Sugo ng Allah (ﷺ). Mayroon din siyang bahagi sa mga malalaking tagumpay o pagsakop ng Islam sa Ehipto, Sirya, Iraq, Basra at Persia, siya (Sumakanya nawa ang kaluguran

ng Allah) ay isang magiting at matapang, at naibibilang sa mga pantas na kasamahan ng Propeta (ﷺ), ang kanyang naiulat ay umabot ng (2630) na Hadith. Siya ay naging isang magandang halimbawa sa pagsamba at kabanalan, at siya ay binawian ng buhay sa Makkah sa taong ika-73 sa Hijri. sa edad niyang (86) na taon.

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Ipinapaliwanag ng Hadith na ito na ang pagdighay sa harapan ng mga tao ng mataas na boses ay isang kapintasan, sapagka't ito ay nakamumuhing tinig; kaya dapat lamang na iwasan ito.

2- Hindi nararapat sa isang Muslim na magpalabis sa pagkain at inumin; sapagka't ililihis siya nito sa kasiglahan, sa kaalaman, sa gawain, sa pagsamba at paggawa ng kabutihan.

3- Ang halaga ng tao ay nasa kanyang gawain, sa kanyang produksiyon at sa kanyang opinyon, at hindi sa dami ng kanyang pagkain, inumin at pagtulog.

4- Dapat sa bawa't Muslim ay maging katamtaman sa paggugol ng kayamanan, sa kanyang pagkain at inumin, upang hindi malagay sa problema ng kahirapan at pagmamalimos sa mga tao.

٣٩ - عَنْ أَنَسِ بْنِ مَالِكٍ ﷺ عَنِ النَّبِيِّ ﷺ قَالَ: "اعْتَدِلُوْا فِيْ السُّجُوْدِ، وَلاَ يَبْسُطْ أحَدُكم ذِرَاعَيْهِ إِنْبِسَاطَ الْكَلْبِ".

(صحيح البخاري، رقم الحديث٨٢٢، وصحيح مسلم، رقم الحديث ٢٣٣- (٤٩٣)، واللفظ للبخاري).

39- Si Anas ibn Malik (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat tungkol sa Propeta na nagsasabi: "Ituwid ang inyong mga likod sa pagpapatirapa, at huwag iunat ng isa sa inyo ang kanyang mga braso ng tulad ng pag-uunat ng aso". Al-Bukhari: Hadith bilang (822).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (6):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Ipinapaliwanag ng Hadith na ito ang kahalagahan ng paging ganap na matuwid sa pagpapatirapa, kaya hindi dapat nagbabaluktot ang nagsasagawa ng Salah, at hindi rin dapat kumiling sa bahaging kanan o sa kaliwa habang nagpapatirapa, datapuwa't siya ay magpakatuwid.

2- Dapat sa isang nagpapatirapa ay ilapat ang kanyang mga palad sa lupa, at iangat ang kanyang mga siko sa lupa, nang walang pamiminsala sa sinumang nasa bahaging kanan niya o sa kaliwa.

3- Dapat sa isang Muslim ay maglaan ng pagsisikap at oras upang malaman ang wastong pamamaraan ng pagsasagawa sa Salah nang ganap na kataimtiman at kahinahunan.

٤٠- عَنْ طَارِقِ بْنِ أَشْيَمَ اَلْأَشْجَعِيْ ﷺ قَالَ: كَانَ الرَّجُلُ إِذَا أَسْلَمَ عَلَّمَهُ النَّبِيُّ ﷺ اَلصَّلاَةَ، ثُمَّ أَمَرَهُ أَنْ يَدْعُوْ بِهَؤُلاَءِ الْكَلِمَاتِ: "اَللَّهُمَّ اغْفِرْ لِيْ، وَارْحَمْنِي، وَاهْدِنِي، وَعَافِنِيْ، وَارْزُقْنِيْ".

(صحيح مسلم، رقم الحديث ٣٥- (٢٦٩٧)،).

40- Si Tariq ibn Ash-yam Al-Ashja-`iy (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: Kapag ang isang lalaki ay yumakap sa Islam, siya ay lagi nang tinuturuan ng Propeta (ﷺ) ng Salah, at pagkatapos ay inuutusan niyang ipanalangin ang mga Salitang ito: "*Allaahum magh-fir lee, war hamnee, wah-dinee, wa `aa-finee, war zuqnee* (O Allah! Patawarin Mo po ako at kahabagan, patnubayan Mo po ako at bigyan ng

kalusugan at kabuhayan)". Muslim: Hadith bilang 35- (2697).

Ang Taga-ulat ng Hadith na ito:

Siya si Tariq ibn Ash-yam ibn Mas`ud Al-Ashja`iy na taga-Kufa (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah), isa siya sa mga kasamahan ng Sugo ng Allah (ﷺ), siya ay ama ni Abu Malik Saad ibn Tariq Al-Ashja-iy, at ang pangalan ni Abu Malik ay Saad, ang Sahabi na ito ay taga-Kufa, nakapag-ulat mula sa kanya ang kanyang anak na lalaki na si Abu Malik.

Si Tariq ibn Ash-yam Al-Ashja-`iy (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nakapag-ulat ng apat na Hadith lamang sa mga aklat ng Hadith.

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1-Tinitipon ng panalangin na ito sa isang Muslim ang lahat ng dahilan ng kaligayan, kaligtasan at kalusugan sa mundong ito at sa huling araw.

2- Dapat sa bawa't Muslim na maging masigasig sa panalangin na itinuturo sa kanya ng Propeta (ﷺ); sapagka't ito ang magpapalapit sa kanya sa Allah.

3- Dapat pagbutihin ng bawa't Muslim ang panalangin sa Allah ng may katapatan, pag-asa at pagkatakot.

٤١- عَـنْ أَبـيْ هُرَيْـرَةَ ﷺ، أَنَّ رَسُـوْلَ اللّٰهِ ﷺ قَـالَ: "مَـنْ دَعَـا إِلَـى هُـدًى، كَـانَ لَـهُ مِـنَ الأَجْـرِ مِثْـلُ أُجُـوْرِ مَـنْ تَبِعَـهُ، لاَ يَنْقُصُ ذَلِك مِـنْ أُجُـوْرِهِمْ شَـيْئًا، وَمَـنْ دَعَـا إِلَـى ضَـلاَلَةٍ، كَـانَ عَلَيْـهِ مِـنَ الإِثْـمِ مِثْـلُ آثَـامِ مَـنْ تَبِعَـهُ، لاَ يَنْقُصُ ذَلِكَ مِنْ آثَامِهِمْ شَيْئًا".

(صحيح مسلم، رقم الحديث ١٦- (٢٦٧٤)).

41- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Sinuman ang nag-anyaya tungo sa kapatnubayan, siya ay magkakaroon ng gantimpala ng tulad ng mga gantimpala ng mga taong sumunod sa kanya, ni hindi ito maibabawas mula sa kanilang mga gantimpala kahit bahagya, at sinuman ang nag-anyaya tungo sa pagkaligaw, siya ay magkakaroon din ng kasalanan ng tulad ng mga kasalanan ng mga taong sumunod sa kanya, ni hindi ito maibabawas sa kanilang mga kasalanan kahit bahagya". Muslim: Hadith bilang 16- (2674).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (2):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Ipinapaliwanag ng Hadith na ito ang kahalagahan ng pagpapalaganap sa Islam at ang pagtuturo nito ng may mahusay na paraan at tiyak na kaalaman.

2- Dapat ang pag-aanyaya sa Allah, ang pagpapalaganap sa Islam at ang pagtuturo nito ay nasa pinakamahusay na paraan at pinakamaganda na lehitimong pamamaraan at mabisa sa lahat ng kapaligiran at komunidad.

3- Ang Hadith na ito ay nagbibigay ng matinding babala sa larangan ng pag-aanyaya tungkol sa lahat na nakasisira sa mga bagay na kaugnay sa pananalig, pang-islamikong batas, kagandahang asal, o sa katayugan.

٤٢- عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عُمَرَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمَا عَنِ النَّبِيِّ ﷺ قَالَ: "لاَ يُقِيْمُ الرَّجُلُ الرَّجُلَ مِنْ مَجْلِسِهِ، ثُمَّ يَجْلِسُ فِيْهِ".

(صحيح البخاري، رقم الحديث ٦٢٦٩، وصحيح مسلم، رقم الحديث ٢٧ - (٢١٧٧)، واللفظ للبخاري).

42- Si Abdullah ibn Umar (Sumakanila nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat tungkol sa Propeta (ﷺ) na nagsasabi: "Huwag patindigin ng isang lalaki ang ibang tao mula sa kinauupuan nito sa pagpupulong, at pagkatapos ay uupo siya rito". Al-Bukhari: Hadith bilang (6269).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (38):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Dapat sa bawa't Muslim ay panghawakan ang mapagparaya na pang-islamikong kagandahang asal, lalung-lalo na sa kapulungan; kaya huwag maging masama ang isa sa inyo sa kaninuman.

2- Ipinapaliwanag ng Hadith na ito na ang ilan sa mga kagandahang asal sa kapulungan ay huwag angkinin ang karapatan ng isang Muslim, sapagka't ito ay magiging dahilan ng pagkakaroon ng poot at hinanakit sa pagitan ng mga kaanib ng kapisanan.

٤٣- عَـــنْ أَبِـــيْ قَتَـــادَةَ ﷺ قَـــالَ: قَـــالَ النَّبِـــيُّ ﷺ: "اَلـرُّؤْيَـــا الصَّـــالِحَةُ مِـــنَ اللّٰهِ، وَالْحُلُـــمُ مِـــنَ الشَّـــيْطَانِ؛ فَـــإِذَا حَلَـــمَ أَحَـــدُكُمْ حُلُمًـــا يَخَافُـــهُ؛ فَلْيَبْصُـــقْ عَـــنْ يَسَارِهِ، وَلْيَتَعَوَّذْ بِاللّٰهِ مِنْ شَرِّهَا؛ فَإِنَّهَا لاَ تَضُرُّهُ".

(صـــحيح البخـــاري، رقـــم الحـــديث ٣٢٩٢، وصـــحيح مســـلم، رقم الحديث ٢ - (٢٢٦١)، واللفظ للبخاري).

43- Si Abu Qatadah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: Sinabi ng Propeta (ﷺ): "Ang magandang pangitain ay mula sa Allah, samantalang ang panaginip ay mula kay Satanas; kaya kapag nanaginip ang isa sa inyo ng nakakatakot na panaginip; siya ay dumura sa bahaging kaliwa niya, at magpapakupkop siya sa Allah laban sa kasamaan nito; dahil hindi siya mapipinsala nito". Al-Bukhari: Hadith bilang (3292).

Ang Taga-ulat ng Hadith na ito:

Siya si Abu Qatadah ibn Rabe`i mula sa angkan ng mga Ansar, isa sa mga kagalang-galang na Sahabi (Kasamahan ng Propeta), siya ay nakibaka sa mga digmaan at labanan, at lagi niyang binabantayan ang Propeta (ﷺ) at inaalagaan sa paglalakbay. Ipinadala siya ni Umar ibn Al-Khattab (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) bilang pinuno ng hukbong sandatahan para puksain ang mga Persia, kaya siya mismo ang nakapaslang sa Hari nila sa sarili niyang mga kamay. Nagkakaiba ang mga ulat sa lugar at petsa ng kanyang kamatayan, may nagsasabing namatay siya sa Kufa (Iraq) taong ika-38 sa Hijri, si Ali ang nagsagawa ng Salah para sa kanya (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah), datapuwa't mayroong nagsasabi na siya ay namatay sa Madinah taong ika-54 sa Hijri, at mayroon ding nagsasabi na hindi ganito.

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Ipinapaliwanag ng Hadith na ito ang ilan sa mga kagandahang asal sa pangitain; kaya kapag nakakita ang isang Muslim sa kanyang pagtulog ng isang bagay na kainasusuklaman niya; sa gayon huwag niyang isalaysay ito sa kaninuman, at magpapakupkop siya sa Allah laban sa isinumpang demunyo at sa lahat ng kasamaan ng mga nakita niya sa pagtulog, at dudura siya sa bahaging kaliwa niya nang tatlong beses; nang sa gayon ay hindi siya mapipinsala ng mga nakita niya sa pagtulog, at mapanatag ang kanyang puso, at huwag siyang mag-alala at mabalisa.

2- Dapat sa isang Muslim ay huwag ibaling ang pansin sa mga pag-uudyok ni Satanas sa lahat ng bagay ayon sa pangkalahatang pananaw, at sa mga bagay kaugnay sa pangitain at panaginip sa partikular na pananaw; dahil si Satanas ay napakamasigasig sa pagpapalaganap ng lahat ng nakakapinsala sa isang Muslim.

٤٤- عَــنْ أَبِــيْ هُرَيْــرَةَ ﷺ عَــنِ الــنَّبِيِّ ﷺ قَــالَ: "مَــن صَــامَ رَمْضَــانَ إِيْمَانًــا وَاحْتِسَــابًا؛ غُفِــرَ لَــهُ مَــا تَقَــدَّمَ مِــنْ ذَنْبِــهِ، وَمَــنْ قَــامَ لَيْلَــةَ الْقَــدْرِ إِيْمَانًــا وَاحْتِسَــابًا؛ غُفِرَ لَهُ مَا تَقَدَّمَ مِنْ ذَنْبِهِ ".

(صــحيح البخـــاري، رقـــم الحـــديث ٢٠١٤، وصـــحيح مســـلم، رقم الحديث ١٧٥ - (٧٦٠)، واللفظ للبخاري).

44- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat tungkol sa Propeta (ﷺ) na nagsasabi: "Sinuman ang nag-ayuno sa buwan ng Ramadan nang may pananampalataya at pag-asang pagpalain; sa kanya ay patatawarin ang mga nauna niyang kasalanan, at sinuman ang nagtaguyod ng Laylatul Qadr (Ang Dakilang Gabi) nang may pananampalataya at pag-asang pagpalain; sa kanya ay patatawarin ang lahat ng

kanyang kasalanan". Al-Bukhari: Hadith bilang (2014).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (2):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Ipinapaalaala ng Hadith na ito ang kahalagahan ng tapat na layunin sa Allah sa pag-aayuno sa buwan ng Ramadan at sa pagtaguyod ng Laylatul Qadr (Ang Dakilang Gabi), at ng iba pang mga tulad nito na gawaing pagsamba.

2- Ipinapaliwanag ng Hadith na ito ang ilan sa mga kabutihan ng pag-aayuno sa buwan ng Ramadan at ng pagtaguyod sa Laylatul Qadr (Ang Dakilang Gabi).

3- Ibinubukod tangi lamang ng Hadith na ito ang pagpapatawad sa mga maliliit na kasalan at hindi ang mga malalaking kasalan; sapagka't ang mga malalaking kasalanan ay pinapatawad lamang sa pamamagitan ng wagas na pagsisisi.

٤٥- عَــنْ عَائِشَــةَ رَضِــيَ اللَّــهُ عَنْهَــا ، قَالَــتْ: سُــرِقَ لَهَــا شَــيْءٌ؛ فَجَعَلَــتْ تَــدْعُوْ عَلَيْــهِ؛ فَقَــالَ لَهَــا رَسُــوْلُ اللّٰهِ ﷺ: "لاَ تُسَبِّخِيْ عَنْهُ".

(ســنن أبــي داود، رقــم الحــديث ٤٩٠٩، و قَــالَ العلامــة محمــد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث: بأنه حسن).

45- Si Aishah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: Napagnakawan siya ng isang bagay; at ipinapanalangin niya ito ng masama, kaya ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi sa kanya: "Huwag mong pagaanin ang kanyang kasalanan". Abu Daud: Hadith bilang (4909).

Ang Taga-ulat ng Hadith na ito:

Siya ang isa sa mga tinaguriang Ummul Mu'mineen (Ina ng mga sumasampalataya) na si Aishah, anak na babae ni Abu Bakr As-Siddiq (Sumakanila nawa ang kaluguran ng Allah), pinakasalan siya ng Propeta (ﷺ)

bago ang paglikas mula sa Makkah, at ganap na naangkin niya ito sa Madinah sa edad niyang (9) na taong gulang at namatay ang Propeta (ﷺ) na ang kanyang edad ay (18) taong gulang. Siya (si Aishah) ang pinakamatalino sa mga tao noon sa kanyang kapanahunan, pinakamaalam at may pinakamagandang opinyon, siya ay naging isang halimbawa sa kabutihang-loob at bukas-palad. Nakapag-ulat siya mula sa Sugo ng Allah (ﷺ) ng maraming Hadith at umabot ang kanyang ulat ng (2210) na Hadith.

Siya (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay binawian ng buhay sa Madinah, Martes ng gabi, ika-17 sa buwan ng Ramadan o Shawwal sa taong ika-57 o 58 sa Hijri., si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ang nakapagsagawa para sa kanya ng Salah (Dasal sa patay) at siya ay nailibing sa Baqi`.

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Kapag minura ng inapi (o ng ginawan ng kamalian) ang umapi (o ang gumawa ng kamalian) o hinamak niya ito; tunay na ipinagkaloob niya sa kanya ang kanyang karapatan; kaya hindi niya dapat siya minumura o isinusumpa.

2- Maaaring ipanalangin ng inapi (o ng ginawan ng kamalian) ang umapi (o ang gumawa ng kamalian) nang walang pamiminsala sa kanya.

3- Ang pagpanalangin ng masama sa kawatan o gumawa ng kamalian ay nakapagpapagaan sa kanyang kaparusahan; kaya higit na nakabubuti na huwag siyang ipanalangin ng masama.

٤٦- عَنْ عَبْدِ اللّٰهِ بْنِ عُمَرَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمَا ، قَالَ: قَالَ رَسُوْلُ اللّٰهِ ﷺ: "إِنْهَكُوْا الشَّوَارِبَ، وَأَعْفُوْا اللِّحَى".

(صحيح البخاري، رقم الحديث ٥٨٩٣ ، وصحيح مسلم، رقم الحديث ٥٢- (٢٥٩)، واللفظ للبخاري).

46- Si Abdullah ibn Umar (Sumakanila nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ): "Putulan ninyo ang inyong mga bigote at hayaan na lamang ninyo ang inyong mga balbas". Al-Bukhari: Hadith bilang (5893).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (38):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Hinihimok ng Hadith na ito ang pagputol sa bigote, upang hindi makapinsala sa kumakain at hindi maipon dito ang mga dumi.

2- Dapat na hayaan na lamang ang balbas sa kalagayan nito, kaya hindi dapat pinuputulan ito o ahitin, maliban na lamang kung ito ay humahampas na nang pahaba at pahalang, sa gayon maaari nang pumutol dito para sa kaayusan nito.

3- Kabilang sa nakapagpapaligaya sa isang Muslim ay ang pagsunod sa Allah at sa Kanyang Sugo (ﷺ) nang may katotohanan at katapatan.

٤٧- عَــنْ أَبــيْ هُرَيْــرَةَ ﷺ أن رَسُــوْلَ اللّٰهِ ﷺ قَــالَ: "لَعَــنَ اللّٰهُ الْيَهُــوْدَ وَالنَّصَــارَى؛ إِتَّخَــذُوْا قُبُــوْرَ أَنْبِيائِهِمْ مَسَاجِدَ".

(صحيح مسلم، رقم الحديث٢١ - (٥٣٠)، وصحيح البخاري، رقم الحديث ٣٤٥٣، واللفظ لمسلم).

47- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Isinumpa ng Allah ang mga Hudyo at Kristiyano; dahil ginawa nila ang mga puntod ng kanilang mga Propeta ng tulad ng mga Masjid (Bahay dasalan) ". Muslim: Hadith bilang 21-(530).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (2):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Ang Hadith na ito ay nagbababala sa isang Muslim tungkol sa kalabisang pagdakila sa mga Propeta, sa mga Auliya' (Tagapagtanggol) at sa mga matutuwid na tao; upang maisara ang pintuan ng pagtatambal sa Allah.

2- Ang paggawa o pagturing sa mga puntod nang tulad ng mga Masjid ay isang gawaing hindi mabuti; kaya nagiging kasumpa-sumpa ito sa Allah.

٤٨- عَنْ زَيْدِ بْنِ حَارِثَةَ ﷺ مَوْلَى رَسُوْلِ اللّٰهِ ﷺ أَنَّهُ سَمِعَ رَسُوْلَ اللّٰهِ ﷺ يَقُوْلُ: "مَنْ قَالَ: أَسْتَغْفِرُ اللّٰهَ الْعَظِيْمَ الَّذِيْ لاَ إِلَهَ إِلاَّ هُوَ الْحَيُّ الْقَيُّوْمُ وَأَتُوْبُ إِلَيْهِ؛ غَفَرَ اللّٰهُ لَهُ، وَإِنْ كَانَ قَدْ فَرَّ مِنَ الزَّحْفِ".

(جـــامع الترمـــذي، رقـــم الحـــديث ٣٥٧٧، ســـنن أبـــي داود، رقـــم الحـــديث ١٥١٧، واللفـــظ للترمـــذي، قـــال الإمـــام الترمـــذي عـــن هـــذا الحـــديث: بأنـــه حـــديث غريـــب، وقـــال العلامـــة محمـــد ناصـــر الـــدين الألباني عن هذا الحديث: بأنه صحيح).

48- Si Zayd ibn Harithah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) na tagapaglingkod ng Sugo ng Allah (ﷺ) ay nag-ulat, na kanyang narinig sa Sugo ng Allah na nagsasabi: "Sinuman ang nagsabi ng: *Astagh-firullaahal `adheem alla-dhee laa ilaaha illa huwa, al-hayyul qayyoom, wa atoobu ilayhi* (Hinahangad ko ang kapatawaran ng Dakilang Allah, na walang ibang diyos maliban sa Kanya. Ang Laging Buhay, ang Tagapagtaguyod ng lahat at sa Kanya ako'y nagsisisi); siya ay patatawarin ng Allah na kahit pa siya ay tumakas sa hanay ng Hukbo". At-Tirmidhi: Hadith bilang (3577).

Ang Taga-ulat ng Hadith na ito:

Siya si Zayd ibn Harithah Al-Kalbi (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah), isang dakilang Sahabi (Kasamahan ng Propeta) at tagapaglingkod ng Propeta (ﷺ), siya ay lumaki sa pangangalaga ng Propeta (ﷺ) at minahal siya nito, si Zayd ay nakibaka rin sa pakikipaglaban sa Badr, Uhud, Khandaq, Hudaibiyyah at Khaybar, siya ay isa sa mga kilalang tagapana, at siya ay naipadala ng Sugo ng Allah sa maraming labanan.

Si Zayd ibn Harithah ang nakasama ng Propeta (ﷺ) nang siya ay maglakbay patungo sa Taif, subali't ginipit ng mamamayan ng Taif ang Propeta (ﷺ), at pinagbabato nila siya, hanggang sa nagdurugo ang kanyang marangal na mga paa, lagi siyang pinoprotektahan ni Zayd sa sarili niya, hanggang sa siya ay nasugatan sa ulo.

Si Zayd ibn Harithah ay namatay bilang isang martir sa labanan sa Mu'tah, sa taong ika-8 sa Hijri, kaya nang umabot sa Sugo ng Allah (ﷺ) ang balita ng pagkamatay ni Zayd ibn Harithah bilang isang martir (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah), siya ay

labis na nagluksa at nalungkot, kaya ipinapanalangin niya siya ng maraming kapatawaran.

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Napapaloob sa Hadith na ito ang ilan sa mga kabutihan ng paghingi ng kapatawaran sa dakilang pormula na ito: "Astagh-firullaahal `adheem alla-dhee laa ilaaha illa huwa, al-hayyul qayyoom, wa atoobu ilayh"*;* kaya dapat lamang na maging madalas ang pagbasa sa Du`a (Panalangin) na ito.

2- Dapat sa isang Muslim ay maging tapat sa Allah sa paghingi niya ng kapatawaran.

3- Ipinapahiwatig ng dakilang Du`a na ito na pinatatawad ng Allah ang malalaking kasalanan na hindi nakaugnay sa mga karapatan ng mga tao, tulad ng pagtakas sa kasagsagan ng pakikipaglaban sa mga hindi sumasampalataya.

٤٩- عَنْ أَنَسٍ ﷺ عَنِ النَّبِيِّ ﷺ قَالَ: "سَوُّوْا صُفُوفَكُمْ؛ فَإِنَّ تَسْوِيَةَ الصُّفُوْفِ مِنْ إِقَامَةِ الصَّلاَةِ".

(صحيح البخاري، رقم الحديث ٧٢٣، وصحيح مسلم، رقم الحديث ١٢٤- (٤٣٣)، واللفظ للبخاري).

49- Si Anas (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat tungkol sa Propeta (ﷺ) na nagsasabi: "Panatilihing matuwid ang inyong mga linya, sapagka't ang pagtuwid sa mga linya ay kabilang sa kabuuan o kabutihan ng Salah (Pagdarasal)". Al-Bukhari: Hadith bilang (723).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (6):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Hinihimok ng Hadith na ito ang pagiging matuwid at maayos ng mga linya, sapagka't ito ay kabilang sa kaganapan ng Salah.

2- Ang pagtutuwid sa mga linya ay hindi kailangan na makasakit ng ibang nagdarasal, o makaantala ng kataimtiman ng kanilang pagdarasal; samakatuwid ang nilalayon dito ay huwag sumulong at magpahuli sa mga linya, bagkus ay magdikit-dikit ang mga nagdarasal, subali't hindi ang ibig sabihin ng pagkadikit-dikit ay ang gambalain ang ibang nagdarasal, at antalahin ang kataimtiman ng kanilang pagdarasal; sapagka't ang kataimtiman ng pagdarasal ay isa sa pinakamahalagang mga saligan nito.

٥٠- عَنْ مُعَاذَةَ عَنْ عَائِشَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا زَوْجِ النبيّ ﷺ قَالَتْ: مُرْنَ أَزْوَاجَكُنَّ أَنْ يَسْتَطِيْبُوْا بِالْمَاءِ؛ فَإِنِّيْ أَسْتَحْيِيْهِمْ؛ فَإِنَّ رَسُوْلَ اللّٰهِ ﷺ كَانَ يَفْعَلُهُ.

(جامع الترمذي، رقم الحديث ١٩، وسنن النسائي، رقم الحديث ٤٦، واللفظ للترمذي، قال الإمام الترمذي عن

هـــذا الحـــديث بأنـــه: حســـن صـــحيح، وقـــال العلامـــة محمـــد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث بأنه: صحيح).

50- Si Mu`azah ay nagsalaysay tungkol kay Aishah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah), ang asawa ng Propeta (ﷺ) na nagsabi (sa kanilang mga kababaihan): "Pag-utusan ninyo ang inyong mga asawa na magsipaghugas ng tubig; sapagka't ako'y nahihiya sa kanila; at dahil ito ang lagi nang ginagawa ng Sugo ng Allah (ﷺ)". At-Tirmidhi: Hadith bilang (19).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (45):

Tungkol naman sa estudyante na babae ni Aishah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah): Siya si Ummu Al-Sahbaa, Mu`azah bint Abdullah Al-`Adawiyah Al-Basariyah, isang kilalang maalam at malalim ang pang-unawa sa mga batas ng Islam, isang mapagpakasakit at kilalang madasalin dahil sa dami ng kanyang pag-

aayuno, pagtaguyod ng mga kusang loob na pagdarasal at pagtitiyaga, sa taong ika-62 sa Hijri, ang kanyang asawa ay namatay bilang isang martir na si Silah ibn Ash-yam, isang dakilang Taabi`i (Sumunod na salinlahi sa mga Sahabi), at gayundin ang kanyang anak na lalaki sa ilang mga labanan, at nang matanggap niya ang balita, siya ay nagtiyaga at nagpakatatag; kaya siya ay naging isang magandang huwaran sa mga kababaihang Muslim.

Siya ay estudyante ni Aishah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah); kaya si Mu`azah ang nakapagsalaysay sa Hadith na ito mula kay Aishah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah).

Si Mu`azah bint Abdullah Al-Adawiyah (Sumakanya nawa ang Habag ng Allah) ay binawian ng buhay sa taong ika-98 sa Haijri, datapuwa't may nagsasabi na sa taong ika-106 sa Hijri.

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Ipinapahiwatig ng Hadith na ito ang pagpapahintulot sa kasapatan ng tubig para sa paglilinis, dahil sa natatanggal nito ang bakas ng dumi at ang marka nito.

2- Ang Islam ay isang relihiyon ng kalinisan, kadalisayan at kagandahan; kaya dapat iwasan ng isang Muslim ang lahat ng nakakapinsala sa mga tao tulad ng mga maruruming bagay at masasamang amoy.

3- Hindi dapat naglalagay ng mga bato, o ng mga maruruming tisiyu (tissues), o ng iba pang mga bagay sa mga silid-paliguan at banyo; dahil nadudumihan niya ito, at nagiging dahilan ng pagtaboy sa ibang mga tao.

٥١- عَـنْ أَنَـسِ بْـنِ مَالِـكٍ ﷺ قَـالَ: قَـالَ نبِـيُّ اللّٰهِ ﷺ: "مَـنْ نَسِـيَ صَـلاَةً أَوْ نَـامَ عَنْـهَا؛ فَكَفَّارَتُهـا أَنْ يُصَـلِّيَهَا إِذَا ذَكَـرَهَا".

(صحيح مسلم، رقم الحديث ٣١٥- (٦٨٤)،).

51- Si Anas ibn Malik (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: Sinabi ng Propeta (ﷺ): "Sinuman ang nakaligta ng isang Salah (Pagdarasal), o nakatulugan niya ito; magkagayon, ang kabayaran nito ay isagawa niya ito sa sandaling naalaala niya". Muslim: Hadith bilang 315- (684).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (6):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Ang kabayaran ng Salah na nakatulugan ng isang Muslim o nakalimutan niya ay isagawa ito sa sandaling naalaala niya.

2- Dapat sa isang Muslim ay pakaingatan ang pagsasagawa ng mga Salah sa takdang mga oras nito nang walang pagpapabaya at katamaran.

٥٢- عَـنْ عَائِشَـةَ رَضِـيَ اللَّـهُ عَنْهَـا ، قَالَـتْ: أَمَرَنَـا رَسُـوْلُ اللّٰهِ ﷺ ، أَنْ نَعُـقَّ عَـنِ الْغُـلاَمِ شَـاتَيْنِ، وَعَـنِ الْجَارِيَةِ شَاةً.

(سـنن ابـن ماجـه، رقـم الحـديث ٣١٦٣، قـال العلامـة محمـد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث بأنه: صحيح).

52- Si `Aishah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: Napag-utusan kami ng Sugo ng Allah (ﷺ), na kumatay ng dalawang tupa

para sa isang sanggol na lalaki bilang Aqiqah, at isang tupa para sa isang sanggol na babae”. Ibnu Majah: Hadith bilang (3163).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (45):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Ipinapahiwatig ng Hadith na ito ang pagkalehitimo ng Aqiqah; sapagka’t ito ay isang magandang Sunnah (Kaparaanan ng Sugo) na dapat itaguyod ng isang Muslim na ama, kung siya ay may kakayahan nito, at kakatayin niya ito sa ikapitung araw simula sa pagkasilang ng sanggol, o pagkalipas ng dalawang linggo, o tatlong linggo.

2- Hindi ipinapahintulot ang magsama-sama sa iisang Aqiqah kahit pa ito ay kamelyo o baka.

3- Ang napatunayang Sunnah sa Aqiqah ay ang pagkatay ng dalawang tupa o isang tupa, hindi isang kamelyo o baka.

٥٣- عَنْ أَبِيْ سَعِيْدٍ اَلْخُدْرِيِّ ﷺ أَنَّ رَسُوْلَ اللّٰهِ ﷺ قَالَ: "لاَ يَنْظُرُ الرَّجُلُ إِلَى عَوْرَةِ الرَّجُلِ، وَلاَ الْمَرْأَةُ إِلَى عَوْرَةِ الْمَرْأَةِ، وَلاَ يُفْضِي الرَّجُلُ إِلَى الرَّجُلِ فِيْ ثَوْبٍ وَاحِدٍ، وَلاَ تُفْضِي الْمَرْأَةُ إِلَى الْمَرْأَةِ فِي الثَّوْبِ الْوَاحِدِ".

(صحيح مسلم، رقم الحديث ٧٤- (٣٣٨)).

53- Si Abu Said Al-Khudri (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: “Hindi dapat tumingin ang isang lalaki sa `Awrah (Masilang bahagi ng katawan) ng ibang lalaki, gayundin ang isang babae sa `Awrah ng ibang babae, at hindi dapat magsuot ang dalawang lalaki sa iisang damit, gayundin ang dalawang babae sa iisang damit”. Muslim: Hadith bilang 74- (338).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (5):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Dapat ay tinatakpan ang `Awrah ng lalaki at babae; bilang proteksyon sa mga kagandahang asal at pag-iingat sa mga puri, para sa karangalan ng babae at pag-aalaga sa kanya.

2- Hindi ipinapahintulot ang pagtingin sa mga `Awrah, maliban sa mag-asawa.

3- Hindi dapat ilantad ang `Awrah, maging sa pag-iisa, maliban na lamang kung para sa pangangailangan tulad ng paggamot.

٥٤- عَـنْ عَائِشَـةَ رَضِـيَ اللَّـهُ عَنْهَـا ، قَالَـتْ: كَـانَ النَّبِيُّ ﷺ يَقُـوْلُ فِـيْ سُـجُوْدِ الْقُـرْآنِ بِاللَّيْـلِ: "سَـجَدَ وَجْهِـيَ لِلَّـذِيِ خَلَقَـهُ وَشَـقَّ سَـمْعَهُ وَبَصَـرَهُ بِحَوْلِـهِ وَقُوَّتِهِ".

(جـامع الترمـذي، رقـم الحـديث ٣٥٢٤، وسـنن أبـي داود، رقـم الحـديث ١٤١٤، واللفـظ للترمـذي، قَـالَ الإمـام الترمـذي عـن هـذا الحـديث: بأنـه حسـن صـحيح، وقـال العلامـة محمـد ناصـر الـدين الألباني عن هذا الحديث أيضاً: بأنه صحيح).

54- Si `Aishah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: Lagi nang sinasabi ng Propeta (ﷺ) sa pagpapatirapa sa Qur’an sa gabi: “*Sajada waj-hiya lilladhee khalaqahu wa shaqqa sam-`ahu wa basarahu bi haw-lihi wa quwwatih* (Isinubsob ko ang aking mukha, sa Kanya na naglikha nito, naghiwa at nagkaloob sa kanya ng pandinig at

paningin mula sa Kanyang lakas at kapangyarihan)”. At-Tirmidhi: Hadith bilang (3524).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (45):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Sunnah (Isang mabuting gawain) sa sinumang nakabasa ng isang Ayah (Talata) na may Sajadah (Pagpapatirapa), o nakarinig nito sa isang mambabasa na magpapatirapa ng isang patirapa, at kanyang sasambitin ang Du`a na ito: “Sajada waj-hiya lilladhee khalaqahu wa shaqqa sam-`ahu wa basarahu bi haw-lihi wa quwwatih”.

2- Napapaloob sa panalangin na ito ang pagkilala sa biyaya ng Allah sa tao; na kung saan ay nilikha Niya siya sa pinakamahusay na anyo at pinakamagandang hubog.

٥٥- عَــنِ الْبَــرَاءِ ﷺ يُحَــدِّثُ عَــنِ الــنَّبِيِّ ﷺ أَنَّــهُ قَــالَ فِـــي الْأَنْصَـــارِ: "لاَ يُحِـــبُّهُمْ إلاَّ مُـــؤْمِنٌ، وَلاَ يُبْغِضُـــهُمْ إِلاَّ مُنَـــافِقٌ؛ فَمَـــنْ أَحَـــبَّهُمْ أَحَبَّـــهُ اللَّـــهُ، وَمَـــنْ أَبْغَضَـــهُمْ أَبْغَضَهُ اللَّهُ".

(صـحيح البخـاري، رقـم الحـديث ٣٧٨٣، وصـحيح مسلم، رقم الحديث ١٢٩ - (٧٥)، واللفظ لمسلم).

55- Si Al-bara' (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang isinasalaysay ang Propeta (ﷺ) na nagsasabi tungkol sa mga angkan ng Ansar: "Walang nagmamahal sa kanila kundi ang isang sumasampalataya, at walang napopoot sa kanila kundi ang isang ipokreta; kaya sinuman ang magmahal sa kanila, mamahalin siya ng Allah, at sinuman ang mapoot sa kanila, mapopoot sa kanya ang Allah". Al-Bukhari: Hadith bilang (3783).

Ang Taga-ulat ng Hadith na ito:

Siya si Abu `Ammarah Al-bara' ibn Al-Harith mula sa angkan ng Ansar, siya ay isang dakilang Sahabi (Kasamahan ng Propeta), at napakadalubhasa sa batas, ang ama niya ay isa ring Sahabi, at nasasaad sa aklat ni Al-Bukhari at Muslim ang (305) na Hadith na kanyang naiulat.

Siya ay nakibaka sa maraming labanan kasama ang Propeta (ﷺ), at gayundin pagkaraan ng kanyang (Propeta) kamatayan, siya ay nanuluyan sa Kufa at tumira dito, pagkaraan ay binawian siya ng buhay dito noong taong ika-72 sa Hijri. Datapuwa't may nagsasabi na hindi ganito.

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Napapaloob sa Hadith na ito ang napakadakilang mga kabutihan ng mga Ansar (Taga-madinah noon), sumakanila nawa ang kaluguran ng Allah; dahil minamahal nila ang Allah at ang Kanyang Sugo, at itinaguyod nila ang pagsuporta sa Relihiyon ng Allah – ang Islam, at ibinigay nila ang kanilang kayamanan at

sarili sa Landas ng Allah; kaya itinakda Niyang isa sa mga Tanda ng Pananampalataya ang pagmamahal sa kanila, at isa sa mga tanda ng kawalan ng pananampalataya at pagka-ipokreta ang pagkapoot sa kanila.

2- Dapat mahalin ang lahat ng mga Ansar, sumakanila nawa ang kaluguran ng Allah, at siya yaong mula sa angkan ng Aws at Khazraj. Sila ang mga tagasuporta ng Sugo ng Allah (ﷺ); kaya ipinagbabawal ang pagkapoot sa kanila; bilang paalaala sa katayugan ng kanilang kadakilaan at karangalan ng kanilang mga gawa.

٥٦- عَنْ أَبِيْ هُرَيْرَةَ ﷺ عَنِ النَّبِيِّ ﷺ قَالَ: "لَوْ أَخْطَأْتُمْ؛ حَتَّى تَبْلُغَ خَطَايَاكُمْ السَّمَاءَ، ثُمَّ تُبْتُمْ لَتَابَ (اللّٰهُ) عَلَيْكُمْ".

(سنن ابن ماجه، رقم الحديث ٤٢٤٨، قال العلامة محمد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث: بأنه حسن صحيح).

56- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat tungkol sa Propeta (ﷺ), na nagsasabi: “Kung kayo man ay nagkasala; hanggang sa umabot sa kalangitan ang inyong mga pagkakasala, at pagkatapos ay pinagsisihan ninyo ito, katiyakang patatawarin kayo (ng Allah)”.
Ibnu Majah: Hadith bilang (4248).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (2):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Dapat sa isang tao ay huwag mawalan ng pag-asa sa Habag ng Allah; at panatiliin ang magandang pagtingin sa Allah, at agad magsisi; sapagka’t tinatanggap ng Allah ang pagsisisi ng isang tao kapag siya ay wagas na nagsisisi.

2- Hinihimok ng Hadith na ito ang pagsisisi sa Allah gaano man kalaki ang mga kasalanan at pagkakasala, datapuwa’t hindi tatanggapin ito sa Allah maliban na

lamang kung maisa-alang-alang ang mga kahilingan nito, tulad ng mga sumusunod:

(Una): Na ang pagsisisi ay maging wagas sa Mukha ng Allah; at walang kalakip na paghahangad ng anupaman mula sa makamundong bagay o papuri ng mga tao. (Pangalawa): Ang pag-iwas sa kasalanan. (Pangatlo): Ang pagkakonsensya sa nagawang kasalanan. (Pang-apat): Ang matibay na pagpapasiya na huwag nang ulitin ito. (Panglima): Ang pagbalik ng mga karapatan sa mga may ari nito. (Pang-anim): Na mangyari ito bago pa man sumikat ang araw sa kanluran, at bago lumantad ang tanda ng kamatayan.

٥٧- عَـــنْ أَبِـــيْ بَكْـــرٍ اَلصِّـــدِّيْقِ ﷺ أَنَّـــهُ قَـــالَ لِرَسُـــوْلِ اللّٰهِ ﷺ: عَلِّمْنِـــي الـــدُّعَاءَ أَدْعُـــوْ بِـــهِ فِـــيْ صَـلاَتِيْ؛ قَـالَ: "قُـلْ: اَللَّهُـمَّ إِنِّـيْ ظَلَمْـتُ نَفْسِـيْ ظُلْمًـا كَثِيْـرًا، وَلاَ يَغْفِـرُ الـذُّنُوْبَ إِلاَّ أَنْـتَ؛ فَـاغْفِرْ لِـيْ مَغْفِـرَةً مِـنْ عِنْـدِكَ، وَارْحَمْنِـيْ؛ إِنَّـكَ أَنْـتَ الْغَفُـوْرُ الرَّحِيْمُ".

(صحيح البخاري، رقم الحديث ٨٣٤، وصحيح مسلم، رقم الحديث ٤٨ - (٢٧٠٥)، واللفظ للبخاري).

57- Si Abu Bakr As-Siddiq (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi sa Sugo ng Allah (ﷺ): Turuan mo po ako ng panalangin na ipananalangin ko sa aking pagdarasal; siya ay nagsabi: "Sabihin mo: *Allaahumma innee dhalamtu nafsee dhulman katheeran, wa laa yagh-firud dunooba*

illaa anta; fagh-firlee magh-firatan min `indika, war hamnee; innaka antal ghafoorur raheem (O Allah! Tunay na ako ay nakagawa ng napakaraming kawalan ng katarungan sa aking sarili, at walang nagpapatawad sa mga kasalanan maliban po sa Iyo; kaya patawarin Mo po ako ng kapatawarang buhat sa Iyo, at kahabagan Mo po ako, sapagka't tunay po na Ikaw ang Mapagpatawad, ang Mahabagin) ". Al-Bukhari: Hadith bilang (834).

Ang Taga-ulat ng Hadith na ito:

Siya si Abu Bakr As-Siddiq, Abdullah ibn Uthman Al-Taymi mula sa angkan ng Quraish, sumakanila nawa ang kaluguran ng Allah. Ipinanganak siya 50 taon bago ang paglikas mula sa Makkah ika–573 sa petsang Gregorian. Siya ang pinakauna sa mga napatnubayang tagapaghalili, at isa siya sa sampung binalitaan ng Propeta (ﷺ) na makakapasok sa Paraiso, siya ay kasamahan ng Propeta (ﷺ) at tanging kasama niya sa kanyang paglikas patungo sa Madinah. Siya ay binigyan ng Propeta (ﷺ) ng palayaw na As-Siddiq (Ang

Matapatin); dahil sa dami ng patotoo niya sa Propeta (ﷺ).

Mayroon siyang naiulat na 142 Hadith sa mga aklat ng Hadith.

Si Abu Bakr As-Siddiq (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay ipinanganak sa Makkah, siya ay isa sa mga mayaman at pinuno nila, siya ang pinakaunang yumakap sa Islam sa mga kalalakihan na malaya (hindi alipin), pagkaraan ay lumikas si Abu Bakr kasama ng Propeta (ﷺ) mula sa Makkah patungo ng Madinah, siya ay nakibaka sa pakikipaglaban sa labanan sa Badr at sa lahat ng labanan kasama ng Propeta (ﷺ), at siya ay may malalaking kalagayan sa pagsuporta sa Islam, binawian ng buhay ang Propeta (ﷺ) sa araw ng Lunes sa petsa na ika-12 sa buwan ng Rabee`ul Awwal, taong ika-11 sa Hijri, at sa araw ding yaon hinirang si Abu Bakr sa pagka-pinuno bilang tagapaghalili, at siya ay nagpasimula ng administrasyon ng islamikong estado sa paghirang ng mga gobernador at mga hukom, at sa pangangasiwa ng mga hukbong sandatahan; hanggang sa sumailalim ang lahat ng mga kapuluang arabo sa ilalim ng

tuntunin ng Islam. Siya rin ay nagpasimula sa pamamatnubay sa mga hukbong sandatahan ng Islam sa pagsakop sa Iraq at sa bansa ng Sirya; kaya nasakop niya ang karamihan sa Iraq at ang malaking bahagi sa kalupaan ng Sirya, at pagkaraan ay binawian ng buhay si Abu Bakr (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) sa araw ng Lunes sa petsang ika-22 sa buwan ng Jumadal Akhirah taong ika-13 sa Hijri – 634 sa petsang Gregorian, sa edad niyang (63) taon, at siya ay nailibing sa tabi ng Propeta (ﷺ) sa silid ni Aishah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah), at pagkaraan niya ay humalili sa kanya si Omar ibn Al-Khattab (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah).

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Napapaloob sa Du`a (Panalangin) na ito ang pagkilala ng isang Muslim sa kanyang mga pagkukulang, kasalanan at kahinaan sa harapan ng Allah; sapagka’t Siya lang naman ang may angking kakayahang magpatawad nito.

2- Itinuturo ng Du`a na ito sa isang Muslim kung paano magsumamo sa Allah sa pamamagitan ng Kanyang naggagandahang mga Pangalan; na kung saan ay nabanggit sa hulian ng panalangin na ito: “Innaka antal ghafoorur raheem (Tunay po na Ikaw ang Mapagpatawad, ang Mahabagin)”.

٥٨- عَنْ عِمْرَانَ بْنِ حُصَيْنٍ اَلْخُزَاعِيِّ ﷺ أَنَّ رَسُوْلَ اللّٰهِ ﷺ رَأَى رَجُلاً مُعْتَزِلاً، لَمْ يُصَلِّ فِي الْقَوْمِ؛ فَقَالَ: يَا فُلاَنُ، مَا مَنَعَكَ أَنْ تُصَلِّيَ فِي الْقَوْمِ؟ فَقَالَ: يَا رَسُوْلَ اللّٰهِ، أَصَابَتْنِيْ جَنَابَةٌ وَلاَ مَاءَ، قَالَ: "عَلَيْكَ بِالصَّعِيْدِ؛ فَإِنَّهُ يَكْفِيْكَ".

(صحيح البخاري، رقم الحديث ٣٤٨، وصحيح مسلم، رقم الحديث٣١٢ - (٦٨٢)، واللفظ للبخاري).

58- Si Imran ibn Husain Al-Khuza`iy (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat tungkol sa Sugo ng Allah (ﷺ), nang makita ang isang lalaki na humiwalay, hindi nakapagdasal kasama ng mga tao; kaya siya ay nagsabi: O ginoo! Ano ang pumigil sa iyo sa pagdasal kasama ng mga tao? Sinabi niya: O Sugo ng Allah! Ako po ay nasa kalagayan ng Junub (Di ganap na kalinisan) at walang tubig, siya (ang Propeta) ay nasabi muli: Gumamit ka ng lupa, sapagka't sapat na ito sa iyo". Al-Bukhari: Hadith bilang (348).

Ang Taga-ulat ng Hadith na ito:

Siya si Abu Nujayd, Imran ibn Husain Al-Khuza`iy (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah), isang dakilang Sahabi (Kasamahan ng Propeta), at isa sa mga tanyag na simbolo ng Islam, siya ay may napakalaki at napakataas na ekspiryensya sa pamamalakad ng mga kapakanan ng mga Muslim, at siya ay hinirang ni Omar bilang tagahukom sa Basra at binigyan ng katungkulan sa pagtuturo ng kanyang

pamilya upang makaunawa sa mga bagay ukol sa kanilang pananampalataya.

Siya ay lagi nang natutuganan sa panalangin, at lumalayo sa kaguluhan na naganap sa pagitan ng mga Sahabi, ni hindi siya sumali sa pakipaglaban dito.

Nanatili si Imran ibn Husain (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) sa Basra hanggang sa binawian siya ng buhay dito taong ika-52 sa Hijri. Datapuwa't may nagsasabi na hindi ganito.

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Kabilang sa mga partikular na katangian ng Islam ay ang pagpapaluwag sa mga tao, na kung saan ay naiparating nito ang alituntunin ng Tayammum (Paglilinis sa pamamagitan ng buhangin) sa Islam; bilang kapalit ng Ghusl (Paligo) o ng Wudu' (Paghuhugas), sa sandaling mahirap makakita ng tubig, o magdulot ng kapinsalaan sa paggamit nito.

2- Kapag walang tubig na matagpuan ang isang Muslim, o mayroon siyang dahilan sa di paggamit nito

dahil sa karamdaman o pagka-uhaw, o ang katulad nito; sa ganitong kalagayan ang Tayammum ang siyang tatayo na kapalit ng Wudu’ o Ghusl; kaya magsagawa siya ng Tayammum, kahit pa siya ay nasa kalagayan ng Junub, at pagkatapos ay magdasal siya, nguni’t kapag siya ay nakatagpo na ng tubig o nawala na ang dahilan, magkagayon kinakailangan niyang maligo.

3- Kapag nakapagsagawa na ng Tayammum ang isang Muslim mula sa Janabah; siya ay magiging ganap nang malinis hanggang sa muli na naman siyang mapasakalagayan ng Junub, o makatagpo ng tubig, at dahil dito hindi na niya uulitin ang ginawa niyang Tayammum mula sa Janabah sa bawa’t oras, bagkus magsasagawa siya ng Tayammum – pagkatapos ng una niyang Tayammum mula sa Janabah – para sa maliit na Hadath (Wudu’), maliban na lamang kung siya ay nasa Janabah ulit.

4- Ang tinutukoy na lupa dito: ay ang malinis na lupa na may buhangin at alikabok. Ang pamamaraan sa pagsasagawa ng Tayammum: Ito ay ang pagsabi ng isang Muslim ng: Bismillah, habang isinasapuso ang

Tayammum, pagkatapos ay itapik niya ang kanyang mga palad sa ibabaw ng lupa nang isang beses, at hihipan niya ito, at tuloy na papahiran ng kaliwa niyang kamay nang dahan-dahan ang ibabaw ng kanyang kanang kamay at ng kanan niyang kamay nang dahan-dahan ang ibabaw ng kanyang kaliwang kamay, at pagkatapos ay ipapahid niya ang dalawa niyang kamay sa kanyang mukha nang isang beses.

Na kung saan … "Itinapik ng Propeta (ﷺ) ang kanyang mga kamay sa lupa at tuloy na hinipan ang mga ito, pagkatapos ay pinahiran ng kaliwa niyang kamay ang kanan niyang kamay, at ng kanan niyang kamay ang kaliwa niyang kamay, at pagkatapos ay pinahiran niya ang kanyang mukha". Abu Daud: Hadith bilang (321).

5- Mayroon pang ibang paraan sa pagsasagawa ng Tayammum, subali't sadyang hindi na binanggit ito upang maiwasan ang pagpapahaba.

٥٩- عَــنْ أَبِــيْ ذَرٍّ ﷺ قَــالَ: كَــانَ النَّبِــيُّ ﷺ إِذَا أَخَــذَ مَضْــجَعَهُ مِــنَ اللَّيْــلِ؛ قَــالَ: " اَللَّهُــمَّ بِاسْــمِكَ أَمُــوْتُ وَأَحْيَــا؛ فَــإِذَا اِسْــتَيْقَظَ؛ قَــالَ: "اَلْحَمْــدُ لِلَّــهِ الَّذِيْ أَحْيَانَا بَعْدَ مَا أَمَاتَنَا، وَإِلَيْهِ النُّشُوْرُ".

(صحيح البخاري، رقم الحديث ٦٣٢٥).

59- Si Abu Dar (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: Lagi nang sinasambit ng Propeta (ﷺ) sa gabi, kapag humiga na siya sa kanyang higaan ang: *"Allaahumma bismika amootu wa ahyaa* (O Allah! Sa Ngalan Mo, ako ay namamatay (natutulog) at nabubuhay (nagigising)"; at kapag siya ay nagising; kanyang sinasambit ang *"Al-Hamdu lillaahil ladhee ahyaana ba`da maa amaa-tanaa, wa ilayhin nushoor* (Ang lahat ng pagpupuri ay para sa Allah na Siya ang nagbigay sa atin ng buhay pagkatapos Niyang kunin sa atin, at sa Kanya ang

pagkabuhay na Muli)”. Al-Bukhari: Hadith bilang (6325).

Ang Taga-ulat ng Hadith na ito:

Siya si Abu Dar, Jundub ibn Junada Al-Ghifari, isa siya sa mga malalaking Sahabi (Kasamahan ng Propeta), siya ay mapagbigay at wala siyang itinatago na anuman sa kayamanan, siya rin ay nagtatakda ng sariling opinyon sa paghatol sa lungsod ng Madinah, nakapag-ulat siya ng (281) Hadith sa mga aklat ng Hadith.

Siya ay humayo patungong Sirya, pagkatapos ay nanirahan siya sa Rubzah (Ito ay isang lugar na may (100) kilo ang layo mula sa Madinah patungo sa dakong Riyadh); siya ay binawian ng buhay dito taong ika-31 sa Hijri o sa taong ika-32 sa Hijri, at si Abdullah ibn Mas`u d ang nakapagsagawa para sa kanya ng dasal sa patay (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah).

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Pinatutunayan ng Hadith na ito ang pagkalehetimo ng pagsambit sa panalangin na ito sa pagtulog: “Allaahumma bismika amootu wa ahyaa”, at ang panalangin na ito sa paggising: “Al-Hamdu lillaahil ladhee ahyaana ba`da maa amaa-tanaa, wa ilayhin nushoor”.

2- Ang paggunita sa Allah sa pagtulog at sa paggising ay kabilang sa mga dahilan ng kaligayahan at kaligtasan ng tao.

٦٠- عَنْ عَائِشَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا، أنَّ النَّبِيَّ ﷺ كَانَ إِذاَ أَوَى إِلَى فِرَاشِهِ كُلَّ لَيْلَةٍ؛ جَمَعَ كَفَّيْهِ، ثُمَّ نَفَثَ فِيهِمَا؛ فَقَرَأَ فِيهِمَا: ﴿قُلْ هُوَ ٱللَّهُ أَحَدٌ﴾، وَ﴿قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ ٱلْفَلَقِ﴾، وَ﴿قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ ٱلنَّاسِ﴾، ثُمَّ يَمْسَحُ بِهِمَا مَا اسْتَطَاعَ مِنْ جَسَدِهِ، يَبْدَأُ بِهِمَا عَلَى رَأْسِهِ وَوَجْهِهِ، وَمَا أَقْبَلَ مِنْ جَسَدِهِ، يَفْعَلُ ذَلِكَ ثَلاَثَ مَرَّاتٍ.

(صحيح البخاري، رقم الحديث ٥٠١٧).

60- Si Aishah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat tungkol sa Propeta (ﷺ), na kapag siya ay nagtungo sa kanyang higaan sa tuwing gabi; kanyang pinagdadampi ang mga palad niya, at pagkatapos ay hinihipan niya ang mga ito at binabasa niya ang: Qul huwal laahu ahad…), at ang (Qul a`oodhu birabbil falaq…), at ang (Qul a`oodhu birabbin

naas…), at pagkatapos ay ipinapahid niya ito sa kanyang katawan sa abot ng makaya niya, sinisimulan niya nito sa kanyang ulo at mukha, at sa iba pang bahagi ng kanyang katawan, ginagawa niya ito ng tatlong beses”. Al-Bukhari: Hadith bilang (5017).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (45):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Dapat sa isang Muslim na pangalagaan ang mga Dhikr (Paggunita) sa pagtulog, at ang ilan sa mga ito ay ang pagbasa ng: Surah al-Ikhlas, Surah al-Falaq at ang Surah an-Naas, at ang paghipan sa mga palad at pagpahid nito sa ulo, sa mukha at sa buong katawan sa abot kaya niya.

2- Nakabubuti sa isang Muslim na basahin ang mga Surah na ito sa sandaling nagkasakit, at hipan ang mga palad at ipahid ang mga ito sa ulo, sa mukha at sa lahat ng bahagi ng katawan ayon sa makayanan dito.

٦١- عَنْ أَبِيْ هُرَيْرَةَ ﷺ عَنِ النَّبِيِّ ﷺ قَالَ: " قَالَ اللهُ: أَعْدَدْتُ لِعِبَادِيَ الصَّالِحِيْنَ: مَا لاَ عَيْنٌ رَأَتْ، وَلاَ أُذُنٌ سَمِعَتْ، وَلاَ خَطَرَ عَلَى قَلْبِ بَشَرٍ".

(صحيح البخاري، رقم الحديث ٧٤٩٨، وصحيح مسلم، رقم الحديث ٣ - (٢٨٢٤)، واللفظ للبخاري).

61- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat tungkol sa Propeta (ﷺ) na nagsasabi: “Sinabi ng Allah: Ako ay naglaan sa Aking mga matuwid na alipin; ng mga bagay na hindi pa nakita ng mata, hindi pa nadinig ng tainga at hindi pa sumagi sa puso ng sinumang tao”. Al-Bukhari: Hadith bilang (7498).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (3):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Hindi kayang ilarawan ang karangyaan ng Paraiso sa Huling Araw, at hindi rin maitutulad sa mga bagay sa mundo at sa mga karangyaan nito; sapagka’t ang mga bagay sa mundo at ang mga karangyaan nito ay ganap na magkaiba sa karangyaan ng Paraiso sa Huling Araw.

2- Ang karangyaan sa Paraiso sa Huling Araw ay natatangi lamang sa mga naniniwala sa Allah bilang Panginoon, sa Islam bilang relihiyon at kay Muhammad bilang Sugo, at hindi nila binahiran ang kanilang pananampalataya ng pagtatambal (sa Kaisahan ng Allah), ng kawalan ng pananampalataya, o ng Bid`ah (mga katuruan na wala sa Islam) at mga kasalanan.

٦٢- عَـنْ عَبْـدِ اللهِ بْـنِ عُمَـرَ رَضِـيَ اللَّـهُ عَنْهُمَـا أَنَّ رَسُـــولَ اللهِ ﷺ قَـــالَ: "إِذَا أَكَـــلَ أَحَـــدُكُمْ؛ فَلْيَأْكُــلْ بِيَمِيْنِــهِ، وَإِذَا شَــرِبَ؛ فَلْيَشْــرَبْ بِيَمِيْنِــهِ ؛ فَإِنَّ الشَّيْطَانَ يَأْكُلُ بِشِمَالِهِ، وَيَشْرَبُ بِشِمَالِهِ".

(صحيح مسلم، رقم الحديث ١٠٥- (٢٠٢٠).

62- Si Abdullah ibn Umar (Sumakanila nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: “Kapag kumain ang isa sa inyo; kumain siya sa pamamagitan ng kanyang kanang kamay, at kapag uminom; uminom siya sa pamamagitan ng kanyang kanang kamay; sapagka’t si Satanas ay kumakain at umiinom sa pamamagitan ng kanyang kaliwang kamay”. Muslim: Hadith bilang 105-(2020).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (38):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Ipinapaliwanag ng Hadith na ito ang ilan sa mga magagandang asal sa pagkain at pag-inom sa Islam.

2- Dapat sa isang Muslim ay kumain na gamit ang kanang kamay at gayundin sa pag-inom, samakatuwid huwag kumain at uminom na gamit ang kaliwang kamay.

3- Dapat sa isang Muslim ay umiwas sa pagsunod kay Satanas sa lahat ng aspeto ng buhay, maging relihiyosong mga bagay o makamundong bagay.

٦٣- عَنْ عَائِشَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا، أَنَّ رَسُوْلَ اللَّهِ ﷺ قَالَ: "إِذَا أَكَلَ أَحَدُكُمْ؛ فَلْيَذْكُرِ اسْمَ اللَّهِ؛ فَإِنْ نَسِيَ أَنْ يَذْكُرَ اسْمَ اللَّهِ فِيْ أَوَّلِهِ؛ فَلْيَقُلْ: بِسْمِ اللَّهِ أَوَّلِهِ وَآخِرِهِ".

(سنن أبي داود، رقم الحديث ٣٧٦٧، وجامع الترمذي، رقم الحديث ١٨٥٨، واللفظ لأبي داود، قَالَ الإمام الترمذي عن هذا الحديث: بأنه حسن صحيح، وقَالَ العلامة محمد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث أيضاً: بأنه صحيح).

63- Si Aishah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Kapag kumain ang isa sa inyo; kanyang sambitin ang Ngalan ng Allah (Bismillah); at kapag nakalimutan niya na sambitin ang Ngalan ng Allah sa simula; kanyang sabihin: Bismillaahi awwalihi wa aakhirih (Sa Ngalan ng Allah sa una at huli)". Abu Daud: Hadith bilang (3767).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (45):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Kabilang sa mga magagandang asal sa pagkain at pag-inom sa Islam; ay ang pagsambit ng isang Muslim

sa Ngalan ng Allah sa pagsimula ng pagkain at pag-inom; at kapag nakalimutan niya na sambitin ang Ngalan ng Allah sa umpisa; kung gayon ang dapat niyang sabihin ay: Bismillaahi awwalihi wa aakhirih.

2- Dapat sa isang Muslim ay kanyang gawing isang magandang halimbawa ang Sugo ng Allah (ﷺ) sa lahat ng aspeto ng buhay pang-islamiko.

٦٤- عَـــنْ جَرِيـــرٍ ﷺ عَـــنِ الـــنَّبِيِّ ﷺ قَـــالَ: "مَـــنْ يُحْرَمِ الرِّفْقَ يُحْرَمِ الْخَيْرَ".

(صحيح مسلم، رقم الحديث ٧٤- (٢٥٩٢).

64- Si Jarir (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat tungkol sa Propeta (ﷺ) na nagsasabi: “Sinuman ang mapagkakaitan ng pagkahabag, siya ay napagkaitan ng kabutihan”. Muslim: Hadith bilang 74 – (2592).

Ang Taga-ulat ng Hadith na ito:

Siya si Jarir ibn Abdullah ibn Jabir Al-Bajali, siya ay naging pinuno ng kanyang pamayanan sa panahon ng kamangmangan at gayundin sa Islam, si Jarir ay yumakap sa Islam bago ang ikasampung taon sa Hijri, datapuwa't may nagsasabing hindi ganito, siya ay matalino at maalam tungkol sa mga bagay na kaugnay sa Islam, siya ay may magandang hitsura at kaibig-ibig na kagandahan.

May dakila siyang nagawa sa mga pagsakop sa Iraq at sa iba pang mga kalapit bansa nito, at siya ay nakapag-ulat tungkol sa Propeta (ﷺ) ng isandaang Hadith.

Siya ay binawian ng buhay sa Kerkicia sa pagitan ng Hairah at Sirya noong taong ika-51 sa Hijri, datapuwa't may nagsasabi na hindi ganito.

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Hinihimok ng Hadith na ito na sundin ang paraan ng pagkahabag at pagkalumanay sa larangan ng pag-

aanyaya tungo sa Allah, sa pag-aaral at pagtuturo, gayundin sa pakikitungo sa pamilya at mga anak, hindi sa paraan ng karahasan at kalupitan.

2- Ang mga bunga ng pagkahabag at pagkalumanay ay kapaki-pakinabang, samantalang ang mga bunga ng karahasan at kalupitan ay tinatalikuran, at di kapaki-pakinabang sa pangkalahatang katangian.

٦٥- عَـنْ عَلِـي بْـنِ أَبِـيْ طَالِـبٍ ﷺ، أنَّ الـنبيَّ ﷺ كـان يَقُـوْلُ فِـي آخِـرِ وِتْـرِهِ: " اَللَّهُـمَّ إِنِّـيْ أَعُـوْذُ بِرِضَـاكَ مِـنْ سَـخَطِكَ، وَبِمُعَافَاتِـكَ مِـنْ عُقُوْبَتِـكَ، وَأَعُـوْذُ بِـكَ مِنْـكَ، لاَ أُحْصِـيْ ثَنَـاءً عَلَيْـكَ، أَنْـتَ كَمَا أَثْنَيْتَ عَلَى نَفْسِكَ".

(سنن أبي داود، رقم الحديث ١٤٢٧، جامع الترمذي، رقم الحديث ٣٥٦٦، واللفظ لأبي داود، قَالَ الإمام الترمذي عن هذا الحديث: بأنه حسن

غريب، وقَالَ العلامة محمد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث: بأنه صحيح).

25- Si Ali ibn Abu Talib (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat tungkol sa lagi nang sinasabi ng Propeta (ﷺ) sa hulian ng kanyang pagdarasal sa Witr (Pinakahuling dasal sa gabi): “*Allaahumma innee a`udhu bi ridhaa-ka min sakhatika, wa bi mu`aa-faatika min `uqoobatika, wa a`udhu bika minka, laa uhsee thanaa-an `alayka, anta kamaa ath-nayta `alaa naf-sika* (O Allah! Tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyong kaluguran laban sa Iyong poot, sa Iyong pagpapalampas laban sa Iyong kaparusahan, at ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa Iyo, hindi ko mabibilang ang papuri sa Iyo, Ikaw gaya ng Iyong pagpupuri sa Iyong Sarili)”. Abu Daud: Hadith bilang (1427).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (35):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Dapat ay maisaulo ng isang Muslim ang dakilang panalangin na ito: “Allaahumma innee a`udhu bi ridhaa-ka min sakhatika, wa bi mu`aa-faatika min `uqoobatika, wa a`udhu bika minka, laa uhsee thanaa-an `alayka, anta kamaa ath-nayta `alaa naf-sika”.

2- Nakabubuting sinasambit ng isang Muslim ang dakilang panalangin na ito sa huling bahagi ng pagdarasal sa Witr, bago magsagawa ng Taslim (Pagtatapos) dito, o sa Sujud (Pagpapatirapa), o sa sandaling humiga na para matulog, o sa iba pang mga kalagayan.

3- Dapat sa puso ng isang Muslim ay maging taimtim sa sandaling nananalangin.

٦٦- عَــنْ أُمِّ سَــلَمَةَ رَضِــيَ اللَّـــهُ عَنْهَــا ، قَالَــتْ: قَــالَ رَسُــوْلُ اللّٰهِ ﷺ: "مَــنْ شَــرِبَ فِــيْ إِنَــاءٍ مِــنْ ذَهَــبٍ أَوْ فِضَّةٍ؛ فَإِنَّمَا يُجَرْجِرُ فِيْ بَطْنِهِ نَارًا مِنْ جَهَنَّمَ".

(صحيح مسلم، رقم الحديث ٢- (٢٠٦٥).

66- Si Ummu Salamah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ): "Sinuman ang uminon sa isang sisidlan na yari sa ginto o pilak, tunay na ang tanging dumadaloy sa loob ng kanyang tiyan ay apoy mula Impiyerno". Muslim: Hadith bilang 2 – (2065).

Ang Taga-ulat ng Hadith na ito:

Siya ang isa sa mga tinaguriang ina ng mga sumasampalataya, Ummu Salamah ang kanyang palayaw (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah), siya si Hind bint Abu Umayyah Al-Makh-zumiyyah, pinsang buo ni Khalid ibn Al-Walid (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah), siya ay isinilang sa Makkah

bago mahirang si Muhammad bilang Propeta nang di-humigit kumulang ng (17) taon.

Siya ay lumikas patungo sa kalupaan ng Etyopya (Ethiopia), pagkaraan ay lumikas naman sa Madinah, siya ay isa sa pinakamaganda sa mga kababaihan at may pinakamataas na angkan sa kanila, gayundin naman na isa siya sa pinakamatalino at pinakamaganda ang pag-uugali sa mga kababaihan.

Bago pa man ang Propeta (ﷺ), siya ay nasa piling ng kapatid niya sa pagpapasuso: na si Abu Salamah, Abdullah ibn Abdul Asad Al-Makh-zumi, siya ay nakibakang makipaglaban sa labanan sa Badr, gayundin sa labanan sa Uhud, subali't siya ay nagtamo dito ng matinding sugat, pagkaraan ay binawian siya ng buhay sa Madinah sa buwan ng Jumadal akhirah taong ika-3 sa Hijri, dahil sa matinding epekto ng sugat na ito.

Pagkaraan ay pinakasalan siya ng Propeta (ﷺ), matapos na siya ay maging malaya sa buwan ng Shawwal taong ika-4 sa Hijri, siya ay may malawak na pang-unawa sa mga alituntunin ng Islam at matalino,

at ang naging reaksyon niya sa araw ng Hudaibiyah ay kilala sa kasaysayan, at marami siyang nasamahan sa Sugo (ﷺ) na mga labanan.

Ang mga naiulat niya ay umabot ng (380) Hadith.

Siya ang pinakahuling binawian ng buhay sa mga tinaguriang ina ng mga sumasampalataya, at siya ay namuhay ng (90) taon, pagkaraan ay binawian siya ng buhay taong ika-59 sa Hijri, datapuwa't may nagsasabing ika-61 taon sa Hijri, at siya nailibing sa Baqi` (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah).

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Ipinagbabawal ang paggamit ng sisidlan na ginto at pilak sa pagkain at pag-inom, sa paglilinis at sa iba pa, sa bawa't Muslim maging lalaki man o babae.

2- Dapat sa isang Muslim ay sumunod sa Sugo ng Allah (ﷺ) sa lahat ng bagay na ukol sa pagkain at pag-inom, at sa lahat ng pamamaraan ng buhay, at sinuman ang sumalungat sa kanya pagkatapos niyang

mabatid; magkagayon siya ay maging karapat-dapat sa pananakot at kaparusahan.

3- Dapat sa isang Muslim ay lumayo sa lahat ng paraan ng pag-aaksa at pagmamalaki.

٦٧- عَنْ جَابِرِ بْنِ عَبْدِ اللَّهِ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمَا، أَنَّ رَسُوْلَ اللَّهِ ﷺ قَالَ: "مَنْ قَالَ حِيْنَ يَسْمَعُ النِّدَاءَ: اَللَّهُمَّ رَبَّ هَذِهِ الدَّعْوَةِ التَّامَّةِ، وَالصَّلاَةِ الْقَائِمَةِ، آتِ مُحَمَّدًا اَلوَسِيْلَةَ وَالْفَضِيْلَةَ، وَابْعَثْهُ مَقَامًا مَحْمُوْدًا اَلَّذِيْ وَعَدْتَهُ، حَلَّتْ لَهُ شَفَاعَتِيْ يَوْمَ الْقِيَامَةِ".

(صحيح البخاري، رقم الحديث ٦١٤).

67- Si Jabir ibn Abdullah (Sumakanila nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: “Sinuman ang nagsabi sa oras na narinig niya ang Adhan (Panawagan sa pagdarasal): Allaahumma rabba haadhihid da`awatit

taa-mmah, was salaatil qaa-imah, aati muhammadan al-waseelata wal fadheelata, wab-`asth-hu maqaamam mahmoodan alladhee wa`adtahu (O Allah! Ang Panginoon ng ganap na panawagan na ito at ng itinataguyod na pagdarasal! Pagkalooban Mo po si Muhammad ng karapatang mamagitan at pagkabukod-tangi at iangat siya sa pinakamabuti at pinakamataas na pook sa Paraiso na Iyong ipinangako sa kanya), sa kanya ay maging karapat-dapat ang aking pamamagitan sa Araw ng Pagbabangon Muli”. Al-Bukhari: Hadith bilang (614).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (25):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Hinihimok ng Hadith na ito ang pagbigkas sa panalangin na ito sa sandaling natapos na ang Adhan.

2- Dapat sa isang Muslim na huwag kaligtaan ang pagsasaulo sa panalangin na ito at ang pagbigkas nito pagkatapos ng Adhan.

3- Itinuturo ng Hadith na ito ang kadakilaan ng panalangin na ito pagkatapos ng Adhan; kaya sinuman ang bumigkas ng panalangin na ito pagkatapos ng Adhan; siya ay maging karapat-dapat sa pamamagitan ng Sugo ng Allah (ﷺ) sa Araw ng Pagbabangon Muli.

٦٨- عَنْ أَبِيْ هُرَيْرَةَ ﷺ، أَنَّ النَّبِيَّ ﷺ قَالَ: "مَا مِنْ يَوْمٍ يُصْبِحُ العِبَادُ فِيْهِ، إِلاَّ مَلَكَانِ يَنْزِلاَنِ؛ فَيَقُوْلُ أَحَدُهُمَا: اَللَّهُمَّ! أَعْطِ مُنْفِقًا خَلَفًا، وَيَقُوْلُ الْآخَرُ: اَللَّهُمَّ! أَعْطِ مُمْسِكًا تَلَفًا".

(صحيح البخاري، رقم الحديث ١٤٤٢، وصحيح مسلم، رقم الحديث ٥٧- (١٠١٠)، واللفظ للبخاري).

68- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, na ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: “Walang araw na ang isang alipin dito ay inabot ng umaga kundi may dalawang anghel na bumababa; at ang isa sa kanila ay nagsasabi: O Allah! Pagkalooban Mo po siya ng pantustos na sagana, at magsasabi naman ang isa: O Allah! Pagkalooban Mo po siya ng kakuriputan na nakapipinsala”. Al-Bukhari: Hadith bilang (1442).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (2):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Ang paggugol sa Landas ng Allah ay isang paraan sa paghatak ng kabutihan at biyaya, na kung saan ang paggugol sa Landas ng Allah ay naghahatid ng kasaganaan, at ang kasaganaan ay isang parirala ng kaayusan ng sarili, pamilya at mga anak, kalusugan sa pangangatawan, at kaluwagan ng dibdib, at

karagdagang gabay para sa kaligayahan sa mundong ito at sa kabilang buhay.

2- Hindi nararapat sa isang Muslim na maging maramot kapag siya ay biniyayaan ng Allah ng masaganang kayamanan; sapagka't ang pagiging maramot ay naghahatid ng kasawian, at ang kasawian ay isang parirala ng pagkaligalig sa sarili, paninikip ng dibdib, at pagkaunting gabay sa kabutihan, kalusugan, biyaya at kaligayahan sa mundong ito at sa kabilang buhay.

٦٩- عَنْ أَبِي بَكْرَةَ ﷺ، أَنَّ النَّبِيَّ ﷺ كَانَ إِذَا أَتَاهُ أَمْرٌ يَسُرُّهُ، أَوْ بُشِّرَ بِهِ؛ خَرَّ سَاجِدًا؛ شُكْرًا لِلَّهِ تَبَارَكَ وَتَعَالَى.

(سنن ابن ماجه، رقم الحديث ١٣٩٤، وجامع الترمذي، رقم الحديث ١٥٧٨، واللفظ لابن ماجه، وقال الإمام الترمذي عن هذا الحديث بأنه: حسن غريب، وقال العلامة محمد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث بأنه: بأنه حسن).

69- Si Abu Bakrah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat tungkol sa Propeta (ﷺ), na kapag siya (ang Propeta) ay dinatnan ng isang bagay na nakapagpapasaya sa kanya, o siya ay binalitaan ng isang magandang balita; agad siyang nagpapatirapa; bilang pasasalamat sa Allah, ang Mapalad at Kataas-taasan”. Ibnu Majah: Hadith bilang (1394).

Ang Taga-ulat ng Hadith na ito:

Siya si Abu Bakrata Nafee` ibn Al-Harith Al-Thaqafi (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah), siya ay isa sa mga mabuting Sahabi (Kasamahan ng Propeta), sumakanila nawa ang kaluguran ng Allah, at umiiwas siya sa kaguluhang naganap sa panahon ng mga Sahabi, at ang mga naiulat niya ay umabot ng (123) Hadith.

Siya ay nanirahan sa Basra, at dito na rin siya binawian ng buhay noong ika-50 taon sa Hijri. Datapuwa’t may nagsasabing hindi ganito.

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Ipinahihiwatig ng Hadith na ito ang pagkalehitimo ng pagpapatirapa sa Allah bilang pagpapasalamat sa Kanyang kabutihan at mga biyaya.

2- Ang pagpapatirapa bilang pagpapasalamat ay hindi dapat ginagawa maliban lamang kung para sa Allah, at ang kadahilanan nito ay ang pagtamo ng biyaya o pagtaboy ng galit o sumpa.

٧٠- عَنْ أَبِيْ هُرَيْرَةَ ﷺ قَالَ: سَمِعْتُ رَسُوْلَ اللّٰهِ ﷺ يَقُوْلُ: "وَاللّٰهِ إِنِّيْ لَأَسْتَغْفِرِ اللّٰهِ وَأَتُوْبُ إِلَيْهِ فِي الْيَوْمِ، أَكْثَرَ مِنْ سَبْعِيْنَ مَرَّةً".

(صحيح البخاري، رقم الحديث ٦٣٠٧).

70- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: Narinig ko sa Sugo ng Allah (ﷺ) na nagsasabi: “Sumusumpa ako sa Allah! Katotohanang ako ay humihingi ng

kapatawaran sa Allah at nagbabalik-loob sa Kanya sa loob ng isang araw nang pitumpung beses”. Al-Bukhari: Hadith bilang (6307).

Ang Taga-ulat ay nabanggit na sa Hadith na ika (2):

Ang ilan sa mga Kapakinabangan ng Hadith na ito:

1- Hinihimok ng Hadith na ito na dapat ay maging madalas ang pagbalik-loob at ang paghingi ng kapatawaran.

2- Dapat sa isang Muslim ay itakdang isang magandang huwaran ang Sugo ng Allah (ﷺ); kaya dapat siyang maging masigasig sa pagsunod sa kanya sa lahat ng aspeto ng buhay pang-islamiko.

3- May magagandang bunga sa paghingi ng kapatawaran, ang ilan sa mga ito ay ang sumusunod: Nakapagbubura ng mga kasalanan at nakapagtatago ng mga kapintasan, nakapagpapalago ng biyaya at nakapagtatamo ng kaluguran ng Allah at

nakapagpapalapit sa Kanya, at nakapagpapasok sa Paraiso.

Ang lahat ng pagpupuri ay sa Allah, nang dahil sa Kanyang biyaya ay naging ganap ang mga mabuti, nawa'y maitampok ang pagpapala at kapayapaan sa Sugo ng Allah na si Muhammad, gayundin sa kanyang mga pamilya at kasamahan.